International Journal for Multidisciplinary Research (IJFMR)
E-ISSN: 2582-2160 ● Website: www.ijfmr.com ● Email: editor@ijfmr.com

Danas Ng Mga Mag-Aaral Sa Filipino Na Gumagamit Ng English E-Resources Sa Pananaliksik

Jun Riel M. Ortiz[1], Evelyn R. Cutamora[2]

[1]Student Researcher, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte Philippines
[2]PhD Teacher II, Adviser, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte Philippines

ABSTRAK

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay upang malaman ang hamon ng mga mag-aaral na kabilang sa mga mag-aaral na gumagamit ng mga *English* na *E-Resopurces*. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng Kwalitatibong disenyo sa penomenolohikal na pagdulog. Ang mga respondente ay kinapalooban ng 14 na mga mag-aaral mula sa mga mag-aaral ng BSED Filipino sa Kapalong College of Agricuture, Sciences and Technology. Gumamit ang mananaliksik ng talatanungan bilang instrumento sa pagkalap ng mga datos. Batay sa natuklasang resulta, lumabas na ang lawak ng pagpapahalaga sa tamang paggami ng English *e-resources* upang maiiwasan ang pagkabalisa ng mga mag-aaral. Bukod dito, Inirerekomenda ng mananaliksik ang pagpapatupad ng mga estratehiya o paraan para mabigyang solusyon ang mga hamong nahaharap ng mga mag-aaral na layuning mapabuti ang kanilang propesyonal na pag-unlad kundi pati na rin ang kalidad ng edukasyon at tagumpay ng mga mag-aaral. Sa karagdagan, mahalaga ring bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na mapalawak ang kanilang mga pag-unawa sa pagiging responsabli sa tamang pagtuklas ng mga mahahalagang datos gamit ang *e-resources* sa pagganap n g mga gampanin sa pag-aaral at sa paggawa ng kumplikadong pananaliksik.

Mga Susing Salita: Hamon ng mga mag-aaral sa Filipino na gumagamit ng Ingles na resoiurces, na may malalim na pag-unawa at pagsasalin.

Kabanata 1
INTRODUKSYON

Ang kabanatang ito ay naglalaman at pagpapakilala sa problema o paksa ng pananaliksik. Dito binibigyang detalye ang katwiran, layunin, mga tanong sa pananaliksik, teoretikal na suporta, kahalagahan, gayundin ang saklaw at dilimitasyon ng pag-aaral. Bukod dito, ang kaugnay na literatura ay ibinigay upang mas malalim na maintindihan ang mga impormasyong nakuha patungkol sa pag-aaral.

Rasyunale

Ang mapagkukunan ng impormasyon na naging iba-iba at magkakaiba sa ekonomiyang hinihimok ng impormasyon ngayon. Ang pagpapakilala ng technolohiya ay nagbabago sa bawat aspeto ng buhay. Naimpluwensyahan pa nito ang edukasyon, particular na kung paano ginawa ang pananaliksik, lalo na sa pagkuha ng impormasyon. Dahil sa modernisasyon, ang mga elektronikong mapagkukuhanan ay naging

bagong karagdagan sa mga aklatan. Ito ang isang mapagkukunan na nagpapadali para sa mga mag-aaral na isang mananaliksik na makakuha ng impormasyon sa pinakamabilis na paraan. Gayunpaman ang ilan, kundi karamihan, ang mga mananaliksik at mga mag-aaral ay hindi alam ang paglipat mula sa *print* patungo sa elektroniko. Ito ay humantong sa maraming mga mag-aaral sa napakalimitadong mga mapagkukunan kapag naghahanap sila ng naka imprentang material dahil sa karamihan sa impormasyon ay nai-*publish* sa isang elektronikong *format*. Kaugnay nito, isang palaisipan kung ang mga mag-aaral ay may kamalayan sa pagkakaroon ng bagong anyo ng mga mapgkukuna nang ito sa silid-aklatan, o kung ang bagong anyo ng mga mapagkukunan ng impormasyon ay kapaki-pakinabang sa kanilang akademukong pagsulat ng pananaliksik (Pangandaman et al., 2022).

Ang kalituhan ay itinuturing na isa sa mga pinakahadlang sa pag-aaral kung paano gagamitin ang elektroniko at kalituhan kung paano kumuha ng mga datos sa kalituhan sa tamang pagsalin ng wika. Ito ay piling pokus ng pag-aaral sapagkat nakitaan sa ibang pag-aaral sa bansang Tsina (China) mayroong epektong dala ang paggamit ng *e-resources* gamait ang teknolohiya na pagkukuhanan ng datos. Gamit ang mga ito, maaraing i-*highligth* ang kahalagahan ng teknolohiya sa pag-aaral ng mga mag-aara, maaari nilang talikuran ag paggamit nito kung s tingin nila ay masyadong nakakaubos ito ng oras. Katulad nito, ang patuloy na pag-unlad ng teknolohiya at *internet* ay gumagawa ng mga bagong uri ng mga kapaligiran sa pag-aarl na intresado at nagbibigay inspirasyon ng iilang tagpag-aral (Huang et al., 2022).

Samantala, particular na sa Pilipinas ng lungsod ng General Santos City, ay kasalukuyang humarap sa makabagong pamamaraan ng edukasyon ng kung saan ito ay gumagamit ng mga panteknolohiyang kagamitan bilang isang alternatibong paraan sa pagkuha ng mga datos ng mga mag-aaral na siyang nakakaapekto para akademikong performans ng mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng *platform* na ito upang maging mapadali ang kanilang pagsasaling wika na hindi na ginamit ang kanilang sariling kumprehensyon upang mapabuti ang kanilang kaalaman sa pagsaling wika bagkus, ito ay hindi na isinasaalang-alang ang kanilang nais matutonan na mas napagtutuunan nila ng pansin ang paggamit ng panteknolohiyang kagamitan kaysa sa kanilang akademikong Gawain sa pag-aaral (Toqueroat Tolodong, 2020).

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa kwalitatibong pag-aaral sa danas ng mga mag-aaral sa paggamit ng *English* na *E-resources* sa pananaliksik at nakitaan din sa ibang pag-aaral na nakapukos sa kuwantitatibong pag-aaral na nakapukos sa epekto ng *e-resources literacy* sa *e-resources consumption* habit sa mga *college students* na ang impormasyon ay lumalaki nang mabilis sa mundo ngayon. Ang mga naunang impormasyon ay pangunahing magagamit lamang sa mga nakalimbag na aklat, journal, pahayagan at magsin. Bagkos sa kasalukoyan, ang impormasyon ay sagana at lumaki ng husto particular na sa anyo ng *digital* o *electronic format*(e-format). Ang pagsulong ng teknolohiya at information tecknology ay nagbigay daan para sa mga elektronikong mapagkukunan (e-resources). Bukod sa mga ito, ang pagsisimula ng *World Wide Web* noong 1989 ay tumutulong sa mga tao na lumikha ng kanilang bagong presensya sa isang *digital* na *platform*. Ang mga *e-reources* ay nakakita ng malaking pagtalon sa loob ng ilang taon dahil humigit-kumulang 90% ng *digital* na nilalaman na umiiral sa buong mundo ngayon ay nililikha na huling dalawang taon (Kemp, 2021).

Pagkatapos ng pananaliksik na ito, ang mananaliksik ay naglalayong magbahagi ng kaalaman. Ilathala ang gawaing ito sa pamamagitan ng mga *conference* na kaugnay ng pananaliuksik at mga ahensaya na naglalayong magtatag ng isang malikhaing interaksyon ng mga mag-aaral. Ang mga resulta at makukuhang impormasyon sap ag-aaral ay makakatulong sa mga guro, at mga mag-aaral ng BSEd-Filipino sa akadimikong pananaliksik. Dagdag parito, ang pananaliksik na ito ay napapanahon at maaaring

maging daan upang maipakita at malaman ang mga karanasan at danas ng mga mag-aaral.

Layunin ng pag-aaral

Ang layunin ng kwalitatibo na penomenolohikal na pananaliksik na ito, ay suriin ang mga danas ng mga mag-aaral sa Filipino na nagkakaroon ng kahirapan sa pagsasalin ng wikang Ingles tungo sa Filipino. Tinutumbok sa pag-aaral na ito ang nararanasan at hindi malilimutang karanasan ng mga piling mag-aaral na nasa Kapalong Collge og Agriculture, Sciences ang Technology, na nasa kursong BSED Filipino 4A. Nilalayon din nitong malaman kung paano hinaharap ng mga mag-aaral ang kanilang mga danas ng kalituhan sa pagsasaling wika. Maging ang usaping pansarili, kung ano o sino ang kanyang nagging inspirasyon at motibasyon sa pagharap sa ganitong pagsubok. Gayundin, ninanais nitong mabatid ang mga pananaw at adhikain sa buhay na upang maisalin ng tama ang wikang ingles tungo sa filipino. Sa ibang dako, maaaring maging gabay ang pananaliksik na ito upang maslalong maintidihan ang kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral na nakaranas ng kalituhan sa pagsasaling wika kung ito ba ay tama o maling pagsasalin ng bawat pahayag na walang kamalian sa isang kumplikadong pananaliksik na parte sa akademikong performans ng mag-aaral sa kolehiyo.

Mga Tanong sa Pananaliksik

1. Ano-ano ang mga karanasan ng mga partisipanteng mag-aaral sa paggawa ng pananaliksik gamit ang mga *English* na *E-Resources*?
2. Paano napagtagumpayan ang hamong kinakaharap ng mga mananaliksik gamit ang *English* na *E-Resources*?
3. Ano ang karanasan na maaaring maibahagi sa susunod na mananaliksik ng Filipino gamit *English* na *E-Resources*?

Teoritikal na Pokus

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa Teorya ng *Connectivism* ayon sa Autonomous University of Madrid-Spain (2014). Ang *connectivism* ay isang epistemological approach na nakabatay sa mga interaksyon sa loob ng mga network sa loob ng indibidwal na isip at sa labas ng mundo, sa halip na sa indibidwal na memorya na kung ano ang gagawin (behaviourism), kung ano ang dapat isipin (cognitivism), o kung paano gumawa ng kahulogan (constructivism). Ito ay nagiging mas maimpluwensya at kontrobersyal sa huli dahil sa paggamit nito bilang epistemological na batayan para sa *Massive Open Online Courses* (MOOCs) (Jung, I. 2019).

Sa konstektong ito, ipinaliwang sa *Behaviorism* Theory ni John B. Watson (1912) na ito ang pag-uugali at pagkatuto ay batay sa pag-unawa sa organisasyon ng mga pangyayari at bagay. Ang indibidwal ay patuloy na kasangkot sap ag-aayos ng malawak na halaga ng *stimuli* sa kanyang kahanga-hangang larangan. Dahil ditto ngareresulta kung saan nakatutok ang tao ay tinatawag na *figure*, habang ang natitirang bahagi ng field ay tinatawag na ground. Sa bahaging ito, anumang bagay sa larangan ay maaaring lumitaw bilang isang pigura; gayunpaman, ang dalawang pangyayari ay hindi maaaring maging mga numero nang sabay-sabay. Ang pang-unawa ng isang tao sa stimuli (pampasigla) tumutukoy kung aling bagay ang magiging pigura sa anumang oras (M Pinigas, et al., 2018)

Ang teorya na ito ay sinusoportahan at binalangkas sa pag-aaral ng Constructivism Theory (1978), na humahamon sa mga tradisyonal na layunin ng edukasyon at nagmumungkahi ng mga pamamaran sa makabagong mga diskarte sa pagtuturo kung saan bubuo ang mga mag-aaral ng sariling kaalaman kaysa simpleng pagtanggap nito mula sa mga gurong may kaalaman (Reza Feyzi Behnagh & Sepideh Yesrebi, 2020). Mahalagang maunawaan ang teorya ng *constructivism* at kung paano ito nauugnay sa proseso ng pagkatuto dahil sa paniniwala nito na ang mga tao ay aktibong bubuo ng bagong kaalaman habang

nakikipag-ugnayan sila sa bagong kapaligiran. Ang sining ng pagtuturo ng pananaliksik ay nagpapakita ng iba't-ibang estratehiya upang mas makita ang pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral at guro pagdating sa kanilang pakikilahok bilang indibidwal sa isang kimundad (Suhende, et al., 2021). Kaya nabuo ang kaalaman at kahusayan ng tao kung naipapamalas nila ang kani-kanilang kahusayan sa ibang larangan ng pagkatuto gaya ng paggawa ng pananaliksik at ito'y nakikilahok sa ibang tao. Natututo ang mga ito dahil sa pakikipag-ugnayan sa kapaligiran.

Dagdag pa, nakaangkla sa pagpoproseso ng impormasyon para sa imbakan ng ilang pangunahing bahagi ng nagbibigay-malay (cognitivism). Kapag ang isang tao ay nakakaranas ng *sensory input*, ang *raw data* ay madaling makuha sa isang sensory buffer. Ang receiver na ito ay may walang limitasyong kapasidad, ngunit mabilis na lumitaw ang impormasyon maliban kung inilipat ito ng pansin sa *Short-Term Memory* (STM). Ang STM ay nagtataglay ng humigit-kumulang pitong aytem, bagama't ang *chunking techniques* ay maaaring kumpol ng impormasyon upang madagdagan ang halagang ito (Hammad, et al., 2020). Ipinaliwanag din sa teoryang ito na nagbibigay-malay na ang mga pahiwatig sa kapaligiran at mga bahahi ng pagtuturo lamang ay hindi makakasagot sa lahat ng pagkatuto na nagreresulta mula sa isang sitwasyon sa pagtuturo. Kabilang sa mga karagdagan pangunahing element ang paraan ng pagdalo ng mga mag-aaral, pag-*cood*, pagbabago, pagsasanay, pag-imbak at pagkuha ng mga impormasyon. Ang mga iniisip, paniniwala, ugali, at pagpapahalaga ng mga mag-aaral ay itinuturing din na may impluwensya sa proseso ng pagkatuto (Branson, 2022). Ang tunay na pukos ng *cognitive approach* ay ang pagbabago ng mag-aaral sa pamamagitan ng paghikayat sa kanya na gumamit ng naaangkop na mga diskarte sa pagkatuto.

Kaugnay na mga Pag-aaral at Literatura

Inilahad sa bahaging ito ang mga kaugnay na literatura at ang mga pananaliksik na my kaugnay sa isinagawang pag-aaral na pinaghanguan ng mga katibayang magpapabisa sa pag-aaral na ginawa. Ang mga ito ay hango sa mga aklat, dyornal at magasin, internet at ibapang mga babasahin na nailimbag sa ma dalubhasa upang maging gabay at suporta sa isinagawang pag-aaral. Makikita sa bahaging ito ang sumusunod na tema: tungkulin ng Ingles *e-resources* sa kultura ng bansa, suliranin sa paggamit ng ingles e-resopurces, karanasan sa paggamit ng Ingles e-resources, kaalaman sa paggamit ng Ingles e-rsources, estratehiya sa pagtuturo ng Ingles *e-resources*.

Tungkulin ng Ingles *E-Resources* sa Kultura ng Bansa

Habang ang teknolohiya ng internet ay naging kaakibat sa pang-araw-araw na gampanin sa akademiko ganap mas maimpluwensyahan at kultura, ang *online* o *e-resources* ay naroroon sa kasalukuyan bilang mga alternatibo para sa mga materyales sa pagtuturo. Ang mga mapagkukunan mismo ay gumaganap ng mahalagang papel sa pagsasaalang-alang ng aralin, pagbabahagi ng pagtuturo, at bahagi ng pagtukoy sa tagumpay ng pagkatuto. Ang iba pang mga benepisyo, tulad ng mga tampok ng *online* na mapagkukunan na positibong nakakaakit ng mga batang nag-aaral sa pag-aaral ng wikang banyaga ay makabuluhang kapaki-pakinabang habang pinapabuti nila ang pakikipag-ugnayan sa pag-aaral ng mga mag-aaral (SLE). Sinusuportahan ng mga natuklasang ito ang ebidensya para sa mga mapagkukunan ng e-leaming bilang mga materyales sa pagtuturo para madaig ang kakulangan ng mga alituntunin at materyales sa pagtuturo sa mga klase ng *English for Young Leamers* (EYL) (Diah Royani Meisani, 2021).

Masasabing, ang patuloy na pag-unlad ng propesyonal *Continuing Professional Development* (CPD) ay *e-resources* na isa sa pinakamahalagang instrumento sa propesyon ng pagtuturo, dahil hinuhubog ng mga mag-aaral ngayon ang mga propesyonal sa hinaharap. Samakatuwid, ang pagkatuto ay nangangailangan ng lubos na kamalayan at pangako pati na rin ang patuloy na pagbagay at improvisasyon. Ang ganitong mahalagang propesyon ay nangangailangan ng maraming suporta mula sa administrasyon ng institusyon

sa anyo ng sapat na mapagkukunan para sa kanilang CPD. Kung walang makukuhang tulong, maaaring bumaling ang mga mag-aaral sa maraming *online* na platform na marami sa mga ito ay libre, habang ang ilan ay makatuwirang presyo. Dapat nilang malaman kung alin ang tunay at kung gaano kalayo ang mga ito ay nakatutulong sa pagpapabuti ng proseso ng pagtuturo-pagkatuto. Tinatalakay ng kabanatang ito ang paggamit ng iba-ibang *e-resources* at tinutuklasan kung gaano kalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa paggamit ng *English* sa pagkakaroon at pagpapatupad ng mga *e-resources* na ito (J. Savithri, 2022).

Sinasabi ng ilang manunulat, na ang elektronikong mapagkukunan ay dapat magturo, dahil gumagamit ito ng malakingsaklaw na kaalaman at naglalaman ng mga kasanayang kailangan para sa pag-aaral (Chan, 2017). Iniuugnay ang elektronikong mapagkukunan sa nakaimprentang aklat kung saan madaling magagamit ng tao sa bagong kaalaman na bigyang-kahulugan ang mga bagay (Collins, 2017). Ang iba-ibang ideya, samakatuwid, ay maaaring malugnay sa pamamagitan ng elektronikong mapagkukunan, isang kasanayang nagsisilbing daan upang makamit sa pananaliksik. Ang kasanayan ay nagbibigay ng pagiging tunay sa pagkatuto ng paggamit ng elektronikong mapagkukunan ayon kina (Ghosn, 2017; Shrestha, 2018). Higit pa nito, ang *e-resources* ay makatutulong upang mapabuti at mapaunlad ang bawat isa sa mga kasanayan sa wika nang hiwalay, katulad ng pag-analisa. at pagbasa (Khatib et al. 2018).

Tinukoy na ang elektronikong mapagkukunan ay malaking impluwensiya sapagpapaunlad kaalaman. Sa pamamagitan ng mga karanasan, mahihinuha na ang *e-resources* malaking ambag sa pang araw-araw na pagku nang impormasyong kinakailangan. Ang e-resources bilang pundasyon ng pagkatuto ng pananaliksik; sa pamamagitan ng *e-resources*, matutukoy ang iba't ibang kultura. Gaya ng ipinahihiwatig, ang elektronikong mapagkuklunan ang pinagmumulan ng kaalaman, at ang *e-resources* ay kinilala bilang ang kultural na transmisyon mula sa henerasyon hanggang sa henerasyon. Masasabing ang elektronikong mapagkukunan ay pamana ng anumang kultura na maaaring tuklasin gamit ang isang datos. Sa pamamagitan ng argumentong ito, masasabing ang pagtuturo ng elektronikong mapagkukunan ay may napakagandang epekto sa pagkatuto ng pananaliksik na hindi maaaring paghiwalayin (Lado, 2017: Ogunnaike, 2017; Labo-Popoola, 2017; & Nibalvos, 2019).

Nakatuon ang kurikulum ng Filipino sa mga mahahalagang kasanayan na dapat malinang ng guro sa mga mag-aaral at maisakatuparan ang mga tungkulin at layunin para sa pagbabasa at pag-aaral ng elektronikong mapagkukunan, nakasalalay ang pagsasakatuparan ng mga tunguhing ito sa matapat at mapagkalingang pagsubaybay at pagkatutong mga mag-aaral. Ang pagbuo ng mga hakbang sa pagtuturo sa paggamit ng *e-resources* ay isa sa mga paraan upang makamit ang tunguhin ng mga mag-aaral para sa matagumpay pagsasakatuparanngpananaliksik. Hangarin na makuha ang kabuluhan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pag-aaral ng *e-resources* (Armea et al., 2022).

Sa loob ng klasrum, ang *e-resources* ay karaniwang ginagamit ng guro bilang dagdag ng kaalaman at pagtuturo ng mga sites na kaugnay sa gagawing pananaliksik o mga tekstong mapagkukunan ng aral sa buhay, Karaniwang sinisimulan ang talakayan sa pagpapalawak ng kaalaman at tinatalakay lamang at tinatapos naman sa pagtukoy ng moral na pagpapahalagang mapupulot sa buong talakayan. Ito ay bunsod na rin nang kawalan ng sapat na kaalaman ng mga guro ukol sa angkop na pagtuturo ng elektronikong mapagkukunan. Dahil dito, karamihan sa mga mag-aaral at maging ang mga Pilipino man sa kabuuan ay may mababang pagtingin sa pagkatutong pananaliksik (Reyes, 2017).

Ang pag-aaral ng elektronikong mapagkukunan ay hindi kinasisiyahan ng karamihan sa mga mag-aaral. Ito ang dahilan kung bakit isa sa mga pangunahing suliranin ng pagtuturo ng pananaliksik ay kung paano ito gagawing makabuluhan para sa mga mag-aaral (Lakshmi, 2019: Chang, 2019). Ito ang nakagawiang pamamaraan ng pagtuturo ng pananaliksik sa paaralan na labis namang tinututulan ng mga dalubhasa sa

disiplinang Filipino. Ang elektronikong mapagkukunan ay hindi lamang dapat tingnan bilang mga tekstong tanging sentimentalidad at didaktisismo ang makukuha (Popa et al., 2019). Sa halip, ang mga guro ay kinakailangang maging mapag-unawa sa uri ng mga mag-aaral sa kasalukuyan at sa lipunang kanilang kinabibilangan (Villanueva, 2019).

Sa ganitong paraan, ang *e-resources* ay maituturing bilang isang hamon sa mga mag-aaral upang matunton ang kalakaran ng kanilang kultura at lipunan. Dagdag pa ng mga ito, kinakailangang maunawaan ng mga guro na may kapangyarihan silang gamitin ang kaalaman upang maimulat ang mga mag-aaral sa katunayan, makikita nila ang kahalagahan ng Filipino at pananaliksik sa kani-kanilang buhay (Alvarado & Bacalla, 2018).

Suliranin sa Paggamit ng Ingles na E-Resources

Ang mga mag-aaral ay may mga suliraning kinakaharap sa pagkatuto ng *e-resources* partikular sa pananaliksik na siyang nakaaapekto sa makabuluhang kasanayan at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng pananaliksik at ang mga posibleng solusyon sa bawat suliranin. Una, limitado ang oras na nakalaan para sa asignatura. Higit na makatulong sa mga mag-aaral ang magkaroon ng sapat na oras sa pagkatuto/pag-aaral upang maisakatuparan ang layunin sa pagkuha ng mga datos sa araw na iyon (De Juan, 2019).

Ikalawa, magkadaragdag sa pagkatuto ng mga mag-aaral ang may maayos na kapaligiran sa lugar na kanilang pinag-aaralan gayundin sa mga guro sa kanilang pagtuturo kung kaya at nararapat na magkaroon nang maayos, malinis, maliwanag, maganda at maaliwalas na kapaligiran sa isang paaralan. Gayunpaman, isa ito sa mga problematiko na sanhi ng kinakaharap ng mga paaralan sa kasalukuyan (Panganiban, 2020).

Ikatlo, itinuturing din bilang suliranin ang kakulangan sa kaalaman sa mga makabagong pamamaraan at istratehiyang pagkuha ng impormasyon. Makatutulong ang pagdalo ng mga mag-aaral sa mga seminar-worksyap na ibinibigay ng Kilusan ng Wikang Filipino (KWF) o anumang samahang nagtataguyod ng Wikang Filipino upang mas lalong madagdagan ang kanilang kaalaman hinggil sa makabagong pamamaraan o estratehiyang sa paggawa ng pananaliksik (Vallecera, 2019).

Makakatulong din ang palagiang pagbabasa ng mga aklat, magasin o anumang babasahin na may kinalaman sa paggawa ng pananaliksik. Ikaapat, ang tagapamahala ng paaralan ay maaaring makatulong sa paghahanda ng mga kagamitang pampagkatuto ng mga mag-aaral kabilang na ang paggamit ng kompyuter sa modemong pamamaraan sa pagkuhang impormasyon. Maaari ding gumawa ang mga mag-aaral ng batid niyang mga kagamitang upang maging matagumpay ang isinasagawang imbestigasyon o pananaliksik para sa mga ligal na mga datos (De Juan, 2019).

Nagiging epektibo ang pagkatuto ng elektronikong mapagkukunan kung naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-isip at pag-unawa na pagpapahalaga ng pananaliksik gamit ang teknolohiya at iba-ibang uri ng *website* maaaring mapagkukunan ng mahahalagang datos ma rehiyunal, pambansa, at pandaigdig tungo sa pagtatamo. Kung kaya, kailangang itampok sa pagtuturo ng elektronikong mapaagkukunan sa pananaliksik ang pinakamahusay at ang nagpapalakas sa mga halagang Filipino at kailangan ng isang mamamayang Filipino. Samakatuwid, kailangang may malalim at malawak na kaalaman ang mag-aaral hinggil sa mga kaugnay sangkap na magagamit sa pananaliksik, sa naging mga kabaguhang dulot ng kolonyalismo, sa mga puwersa't lunggating humuhubog sa makabagong aklatan (Almario, 2019).

Karanasan sa Pagkatuto ng Paggamit ng Ingles na E-Resources

Isang mahalagang kasangkapang ginamit ng tao sa paglinang ng mga kasanayan sa asignaturaang Filipino ay ang elektronikong mapagkukunan. Sa pamamagitan ng pananaliksik, naipapahayag ng tao ang kanyang

kaisipan at saloobin. Dagdag pa niya na dahil din sa pananaliksik kung kaya at nagkakaroon ng kakayahan ang tao na naipamalas ang kakayahan sa kapwa, sa kanyang komunidad at sa pamayanang humubog sa kanya bilang isang tao. Elektronikong Mapagkukunan din ang kasangkapan upang mailabas ng tao ang mga darndaming maaring sumikil sa kanyang pagkatao (Parker et al., 2019). Mahalaga ang kasanayan sa pagtuturo at pagkatuto ng pananaliksik, hindi lang sa pagpapahayag ng sariling ideya kundi pati na rin sa pag-unawa, sa isinigawang pag-aaral ni (Cruz, 2019). May malaking bagay na nagagawa ang paraan ng pag-aaral at pagkatuto ng pananaliksik sa ating mga paaralan bilang bahagi ng pagkatuto. Hinayaan nating magdaos ng paligsahan ang mga mag- aaral sa pagsasaulo ng nilalaman ng elektronikong mapagkukunan. Naging maluwag tayo sapagsasabing "magaling sa sinumang makasasagot sa mga tanong na ang simula ay Sino, Ano, Alin, Kailan, Saan tungkol sa itinakdang aralin sa sa pag-aaral ng pananaliksik (Badayos, 2019).

Ang aklatan ay isang kumbinasyon ng parehong koleksyon ng mga mapagkukunan ng impormasyon, mapagkukunan, serbisyo at istraktura kung saan ito matatagpuan. Ito ay isang *focal point* sa mga aktibidad sa pag-aaral, pagtuturo at pananaliksik ng isang leaming community na naglalayong makamit ang kalidad na *output*. Malaki ang papel nito sa pagpapanatili ng edukasyon sa pamamagitan ng pagkuha, pagbibigay at pagpapakalat ng mga materyales ng impormasyon (Omeluzor at Ogo, 2018).

Sa pamamaraang ito, sa pagsulat pagbasa, pagsuri, pag-aaral, at pananaliksik ng mga datos na kaugnay at lapat sa ating tunay na pagkatao bilang mga Pilipino, maipahahayag natin ang damdamin at kaisipang tagos sa mga Pilipino. Makahihikayat din ito lalo na sa mga manunulat sa ibang mga rehiyon na ipagpatuloy ang pananaliksik gamit ang kani-kanilang wikang nagpapakita ng kanilang buhay at pamumuhay. Sa ganitong paraan, sa pagtangkilik ng elektronikong mapagkukunan mula sa iba't ibang panig ng mundo, maiguguhit natin ang isang pananaliksik na saklaw ang buong ka-Pilipino, na magiging kabuoan ng ating Pambansang aklatan at daan upang isulong ang pagkakaisa ng lipunang Pilipino (Nibalvos, 2019).

Ang kritikal na pag-iisip ang higit na nangibabaw na kasanayan mula sa mga domeyn ng pagkatuto. Natunghayan ito sa pagsusuri, paghahambing at pag-uugnay ng mga kaisipan, pagbuo ng pangangatwiran, paghihinuha, pagbibigay puna, sariling pananaw o reaksyon ng mga mag-aaral. Kung gayon, mahalagang matuto sa kasanayang kritikal na pagsusuri sa paggawa ng pananaliksik, ang pag-analisa sa nilalaman, elemento, katangian, at pagpapahalagang nakapaloob sa nakuhang datos (Saul, 2019).

Batay naman sa nakalap na impormasyon nina Camus, Iran at Fusin sa kanilang pag- aaral na "Ako sa Makabagong Panahon," inirekomenda nila na: (1) Gabayan maigi ng mga guro ang kanilang mga estudyante tungkol sa mga pamamaraan kung paano gumawa na kritikal na pananaliksik. (2) Turuan ang karamihan kung paano at kung ano ang pamamaraang dapat gawin ng mga mananaliksik sa pagkuha ng mga datos na may kaugnayan sa pinag-aralan at ito ay maituro sa panibagong henerasyon. (3) Maging mapagmasid sa mga pagbabagong nangyayari sa ating paligid lalo na ang pamamaraan ng paggamit ng makabagong aklatan (Camus et al., 2018)

Kaalaman sa Paggamit ng E-Resources

Ang elektronikong mapagkukunan (e-resources) bilang kapalit ng mga naka imprentang aklat ay napakamaaasahan na makabagong kagamitang pagkatuto ng bawat mag-aaral. Sa pamamagitan ng paggamit ng elektronikon, maaring makakuha ng mga mahahalagang impormasyon at dokumento na magagamit sa paggawa ng pananaliksik ng mga mag-aaral na maging batayan sa antas ng kaalaman upang lalo pang mapalawig ang kaalaman ng mag-aaral at magdulot ng pagunlad sa edukasyon ang hatid nito (De Guzman, 2017).

Dagdag pa rito, inihambing ng mga mananaliksik kung paano ang isang batay sa kaalaman, kapaligiran ng pagkatuto at katangian ng isang indibidwal sa paggamit ng elektronikong mapagkukunan (e-resources) upang mag-galugad ng mga impormasyong gagamit sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang sosyal na kognitib ng pagganap sa pamamagitan ng pagkakalantad sa paggamit ng elektronikong mapagkukunan na sumusuporta sa pang-akademikong aktibidad ng mga mag-aaral sa mula sa pagganap na pang-akademikong katangian (Limniou 2020).

Dagdag pa, malaki ang naging epekto ng mabilis na pag-usbong ng teknolohiya at paglaganap ng elektronikong mapagkukunan upang mapabilis ang pagkuha ng mga datos na gagamitin ng mananaliksik. Katutulong sa pang-araw-araw na gampanin ng mga mag-aaral sa akademikong pagganap. Ang teknolohiya ay imbakan ng mga elektronikong mapagkukunan (e-resources) mabilis man magbago ang teknolohiya ngunit hindi mababago ang mga nakaimbak dito, malaki ang epekto nito sa kabataan ngayon sa pagkuha ng mga datos sa kanilang pananaliksik (Castrodes et al., 2017). Samakatuwid, ang paggamit ng elektronikong mapagkukunan ay may 3 indekeytor ayon kay Francis (2017) ito ay ang mga kaalaman (knowledge), kahalagahan (importance) at kasanayan(skills).

Kaalaman (Knowledge). Ang Kaalaman ay kadalasang inilalarawan bilang kapasidad ng tao o bagay upang maging mahusay na kasangkapan. Na kung saan nakabatay rito kung paano umunlad ang isang tao batay sa kanilang kasanayan at pag-iisip. Sa pamamagitan nito, ang kaalaman ay itinuturing na isang solusyon o konstruksyon na ginagawa ng bawat indibidwal upang mapabuti ang paggawa ng akademikong performans. Ang kaalaman din ay maaaring maunawaan bilang isang tulay na kung saan ito ay may pinakamahusay na kinalabasan para sa isang sitwasyon subalit dapat ito ay pangalagaan upang makakuha ng tumpak na datos batay sa kasanayan at pag-iisip upang may mabuting kalalabasan (T Tang. et al., 2020). Sa madaling salita, ang kaalaman ay may mahalagang epekto sa isang tao batay sa kanilang kakayahan at pag-iisip. Na kung saan ang isang tao ay may kaalaman sa ibang bagay ay magdudulot ng pagunlad sa pamamagitan ng mahalagang paraan (Vocabolary.com. 2021).

Dagdag pa rito, ang kaalaman ay ang kilos ng paggalaw ng ibang tao patungo sa kakayahan at pag-iisip nang hindi gumagamit ng direktang lakas. Maraming paraan upang mapahusay ang kaalaman ng ibang tao, ang ilan ay direkta at hindi direkta. Ang direktang kaalaman ay maaaring maganap nang harapan, boses sa boses, o sa isang elektronikong mapagkukunan sa pagkuha ng mga datos sa pang akademikong performans ng mag-aaral. Samantalang hindi direkta na nakabatay lamang sa kasanayan ng iba па kanyang pinagmamasdan sa pamamagitan ng paggamit ng elektronikong mapagkukunan (Lumbantobing, P.A. 2020).

Kahalagahan (Importance). Ang kahalagahan ay ang pang kabuuang termino at ang kahalagahan ng bawat kaalaman at pag-aaral. Ang kakayahan ng pag-iisip ay mahalagang pinagtutuunan ng pansin upang magkaroon ng magandang kinalabasan, resulta at epekto sa pag-aaral. Tumutukoy din ito sa kalidad ng isang na nagbigay ng espesyal na pagganap o halaga. Nagpapatunay ito sa kahalagahan na mga gawa bawat indibidwal na maging sa pag-aaral o sa kahit ibang larangan pa (Norlizawaty Baharin, et al., 2018). Bukod pa dito, ang kahalagahan ay maaaring tumukoy sa datos, katotohanan, impormasyon, Pananaliksik o istatistika ng isang tao.

Estratehiya sa Pagtuturo ng Ingles E-Resources sa Pananaliksik Sa tesis na iniharap na Mabisang Estratehiya sa Pagtuturo ng pananaliksik sa Terstarya. Inihanay niya ang mga estratehiyang ginamit sa tatlong (3) Unibersidad sa Pampanga ito ang mga tanungan, malayang talakayan at aktibong gawain. Nalaman sa pag-aaral na ito na masasabing mabisa ang estratehiya kung nagagamit ng mag-aaral ang pananaliksik ayon sa kanilang pokus na kurso (David, 2018)

Ang anumang estratehiya o metodo ay mabisa kung ito ay naaangkop sa uri ng aralin, mag-aaral (edad, antas ng pag-aaral, paraan ng pag-aaral, motibasyon at kahandaang kognitib at sosyo emosyonal), kapaligiran at layunin ng pagtuturo. Ang mahusay na klasrum na gamit ang elektronikong mapagkukunan ay yaong aktibong interaksyon sa pagitan ng guro at estudyante at estudyante sa kanyang kapwa mag-aaral. Ang guro ay magsisilbing tagapatnubay lamang sa ibat ibang gawain sa klasrum at ang mga estudyante naman ay aktibong nakikilahok sa iba't ibang gawaing pang akademiko gaya ng pananaliksik. Sa interaksyon ng mga mag-aaral sa kapwa mag-aaral, kailangan bigyan sila ng pantay na pagkakataon na makilahok sa iba't ibang gawain upang malinang ang kanikanilang kasanayan (Akmal Mundiri, et al., 2022).

Pagpapakita sa mga diskarte para sa pagtuturo ng pananaliksik: May kailangan para sa mga gurong tagapagturo na ilantad ang iba-ibang paraan na magagamit lamang ng mapahusay sa itinuturong pananaliksik na isinasaalang-alang ang mga partikular na pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral. Ang mga bagong oryentasyon sa pagtuturo at pag-aaral ng makabagong aklatan ay kinabibilangan ng aplikasyon ng mga teoryang transaksyon (Cadorath & Harris, 2020; Karolides. 2020) at pinagsamang mga diskarte (Carter & Nash, 2020).

Ang mga pananaw na ito sa pagtuturo at pag-aaral ng pananaliksik ay ipinaalam ng mga pagsasaalang-alang sa papel ng mga mambabasa, pagkilala sa mga naunang mambabasa kaalaman sa aktong pagbabasa, at kakayahan ng mga mambabasa na makipag- ugnayan sa teksto sa lumilikha ng kahulugan, at hindi lamang ng interpretasyon o kahulugan ng mga manunulat lamang. Ang isinumite ng teoryang pagdulog na partikular pangangailangan ng mga mag-aaral nababahala maaaring isali sa mga stratehiya upang tugunan ang mga pangangailangan ng e-resources pati na indibidwal na mekanismo ng pagtugon (Carter. 2020). Pinaghalong kakayahan sa pagtuturo ng mga kasanayan: Maraming mag-aaral ay nahihirapan na matugunan ang mga pangangailangan ng iba't ibang pamamaraan sa pagkatuto ng elektronikong mapagkukunan sa kanilang pananaliksi. Kahit na may karanasan na ang guro, natuklasang maaaring di pa sapat ang kaalaman ng guro na magtuturo ng elektronikong mapagkukunan sa kanilang mag-aaral kung pati ang guro ay may kaukulang din ng kasanayan sa paggamit nito. Ito ay dahil sa mga patuloy na hamon ng mga guro nahaharap sa mga sitwasyon sa pang-araw-araw na silid-aralan gaya ng mga problema ng mga mag-aaral, background, cultural background, language back-grounds, mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan, at iba pa. Ang edukasyon ng mga guro ay dapat isama ang multikultural pagtuturo upang matiyak ang pagiging epektibo ng mga guro sa pinaghalo mga silid-aralan ng kakayahan (Rassol & Curtis, 2020).

Mga kurso sa pagbuo at pagsusuri ng mga materyales: Ito ay dapat na mahalagang kurso sa edukasyon ng mag-aaral. Mahalaga rin ang pagkatuto ng pananaliksik tulad ng sa iba pang nilalaman, dahil ito mapapagana ang mga mag-aaral pati sa pagsasanay upang epektibong gumana sa kanilang mga tungkulin na magbigay at magrekomenda ng kapaki- pakinabang at mga kaugnay na mapagkukunan para sa pagkatuto ng pananaliksik at iba pang mga paksa na nakapokus sa iyong gagawing pagsusuri. Kapag ang mga mag-aaral ay tinawag din upang tumulong suriin at magrekomende ng mga mapagkukunan para sa pagkatuto, dapat na binigyan ng pahintulot na gawin ito upang malutas ang mga problema ng pag-unlad ng mapagkukunan materyal at pagkuha ng datos (Harris, 2020).

Mga diskarte sa pagtuturo ng elektronikong mapagkukunan: Mga diskarte para sa pagtuturo ng pananaliksik ay marami at iba-iba at dapat isama ang alinman sa tatlong katangiang pinaniniwalaan mahalaga sa dapat matutunan ng mga mag-aaral na ang pag- aaral ng pananaliksik sa pagsama-sama na ang mga mag-aaral ay mabigyan ng access sa paglutas ng problema at kritikal pag-iisip mga aktibidad sa

hindi nagbabanta, kooperatiba konteksto upang pagyamanin mas mataas na kaayusan sa pag-iisip na kinabibilangan ng mga kritikal na diskarte at pag-iisip ng mag-aaral (Rasool & Curtis, 2020, Snow & Brinton, 2020; Moll & Diaz, 2020).

Sa artikulo ni Allan Popa na pinamagatang "Katipunan Ang Filipino bilang Disiplina. binanggit niya ang kakulangan sa estratehiya ng pagtuturo bilang pangunahing sanhi ng mababang antas ng partisipasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng pananaliksik. Ginamit niya ang paghahambing ng dalawang uri ng aklatan ang elektronikong mapagkukuinan at nakaimprentang aklat bilang halimbawa ng pagkukunan ng mga datos sa pananaliksik upang ipakita ang pagkakaiba sa paraan ng paggamit ng mga ito. Ang pagtuturo ng pananaliksik ay kadalasang ginagamit sa pagkuha ng mga mahahalagang impormasyon, kung saan ang mga guro ay nagbibigay lamang ng mga aral na makukuha mula nito. Hindi gaanong binibigyang pansin ang pagsusuri at pagsasaliksik sa datos dahil sa kakulangan ng kaalaman sa paggamitng elektronikong mapagkukunan. Ito ay rason bakit mababang antas sa partisipasyon ng mag-aaral sa asignaturang pananaliksik (Popa, 2020).

Sa pamamagitan ng elektronikong mapagkukunan ay ang paglawak ng kaalaman sa pananaliksik bilang isang bukal ng moral na pagpapahalaga. Ang iba pang pagsusuri at paliwanag ukol sa moral na makukuha mula sa isinasagawang pananaliksik ay maaaring malayo lamang tradisyonal na pagtingin ng ibang paaralan sa kasalukuyan. Sa halip na ituring ang guro bilang isang otoridad na nagtatakda ng tamang interpretasyon ng pananaliksik, maaaring tingnan ang karanasan bilang isang daan para sa mga estudyante upang magkagawa kritikal na pagdudugtong ng mga impormasyon at mag-isip ng kritikal, at magkaroon ng sariling mga opinyon. Sa pamamagitan ng ganitong mga pag-aaral ng pananaliksik, ang mga estudyante ay nagkakaroon ng pagkakataon na magamit ang kanilang kasanayan sa pag-lisip, pangangatwiran, at kakayanan sa lagkumpol-kumpol ng mga datos na mahahalaga (De Juan, 2020).

Masunuring estudyante, hindi nagtatanong-ito ba ang hangad natin? Hindi ba kabaligtaran iyon ng nais natin: isang responsableng taong may sariling pangangatwiran? Paano maitatanim at mapapaunlad ang kakayahang mag-isip nang walang alalay, ang maging taong taglay ang kasarinlan at rasongindependiente (autonomous reason) naideal ng demokrasyang orden, hindi diktadurya o pasistang sosyedad. Binibigyan ang mga mag-aaral ng puwang upang magpakita ng kanilang mga ideya, pagpapahalaga at perspektiba. Ang aral na kanilang nakuha mula sa pananaliksik ay maaaring magbunsod ng malawakang pag- unawa sa mga kultural na konteksto, moral na suliranin, at mga halaga na maaaring maihambing o maikonekta sa kasalukuyang lipunan. (Juan, 2020).

Sa kabilang banda, ang pagpapamalas ng kakayahan sa pananaliksik bilang isang praktikal at nararapat na estratehiya sa pagmalas ng mga angkinggaling sa pananaliksik, inilahad ni Popa. Sa pagkakataong ito, hindi na lamang nagtutuon ang pagbasa sa moral na aral na makukuha sa mga datos na nalikom. Sa halip, humihingi ito sa mambabasa ng aktibong pakikisangkot sa paggagalugad ng kahulugan sa elektronikong mapagkukunan at gayundin ng kritikal na pag-unawa dito. Ang pananaliksik ay hindi lamang pahayag na nagbibigay-pangaral o katumpakan. Sa halip, ito ay isang manipestasyon ng maligalig at magulong ugnayan ng bawat tao sa lipunan (Juan, 2020).

Pagtuturo ng E-Resources sa Pananaliksik

Binigyang-linaw sa aktat na pinamagatang "Metodolohiya sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino, Mga Teorya, Simulain, at Estratehiya" aniya, ang pananaliksik ay isang may katiyakan Sapagkat, meron itong tiyak o istandard na paraan ng pagtuturo. Kailangan lang maging makabuluhan at sistematiko sa pagtuturo nito. Dagdag pa niya sa ganitong paraan tayo makalilinang ng mga mag-aaral na magkukusang magbasa, maglalahad ng kanilang mga binasa hanggang sa tuluyang makalikha sila ng babasahin para sa kanilang

sarili. Ang pananaliksik ay nagbibigay-hugis sa mga bunga ng makabuluhang karanasan ng tao sa pamamagitan ng elektronikong mapagkukunan, nagagawa nitong malinang ang ating mga pangitain tungkol sa reyalidad ng buhay. Se katunayan, ang reyalidad na ito'y ang masalimuot na karanasan natin sa buhay. Mga karanasang malaon na nating alam ngunit hindi maipapaliwanag hangga't di nakikita, nakikita o nararanasan sa mga pananaliksik na nasimulan (Badayos, 2017).

Ani ni Tulgar (2018), ang pagkakaroon ng kahirapan pagdating sa paggawa ng pananaliksik ay ang kakulangan ng kagamitan gaya ng cellphone, laptop atbp uri ng kagamitang teknolohiya at internet connection upang madaling maging tulay sa pagbuo pananaliksik. Ito ay ang mga pangunahing salik na nagdudulot ng pagkabalisa kapag gumagawa ng pananaliksik. Iba pang nakaaapekto ang mga antas ng pagkabalisa ng mga mag-aaral ay tungkol sa limitadong kaalaman sa teknolohiya, tiwala sa sarili, mga saloobin patungo sa nais tunguhin ng mag-aaral (Akkakoson, 2016., Tulgar, 2018). Ang takot sa paggawa ng pananaliksik gamit ang elektronikong mapagkukunan ng mga mag-aaral ay isang karaniwan at totoong anyo ng pagkabalisa na nakaaapekto sa 75% ng populasyon (Sawchuk. 2017 & Black, 2019).

Ang pagkatuto ng pananaliksik ay hindi madali para sa mga mag-aaral. Maraming pagsubok at hamon na kanilang kinakaharap pagdating sa pagkatuto ng pananaliksik Naglaan ng mahabang oras upang mas maintindihan at maunawaan ang nilalaman ng mga nanaliksik na mga datos na kanilang itinuturo. Sa kanilang suliraning kinakaharap sa pagkatuto ng pananaliksik ay mayroong panahon na 'di maiwasan na mag-isip ng mga negatibong bagay tungkol sa mga nagawang pananalikpananaliksik kasi ay isang asignatura na mahirap unawain at intindihin dahil sa mga malalimang kahulugan nito, Sa katunayan, ang pananaliksik ay isa magsasabi o magpapahayag ng mga kaisipan, damdamin, karanasan at diwa ng isang tao. Bukod dito, ito rin ay ginagamit upang masukat ang kahusayang pinapakita ng mag-aaral. Bagaman, komplikado ito dahil sa magkakarogtong ito ay dapat na halughugin ang bawat laman nito. Kaya naman isang malaking problema ng mga mag-aaral ang paghalukat ng mga impormasyon na nagbibigay turing sa pag-aaral ng pananaliksik (Santiago, 2020).

Sa kabilang banda, ang pananaliksik ay may dalang kaalaman na makukuha mismo ng mga guro at mga mag-aaral. Ngunit, kailangan ng mabusising pag-aaral upang mas makuha ang punto at kasarinlan nito. Ang mahabang presensya ng isang mag-aaral ay mahalaga sa pagkatuto ng pananaliksik sapagkat ito ang kanyang puhunan para mas maunawaan pa lalo ang mga datos na kanyang isasali sa ginawangpananaliksik. Talaga namang makapangyarihan ang pananaliksik dahil sa kaya nitong impluwensyahan ang isip ng tao. Samaktuwid, ang pananaliksik ay maituturing na isang repleksyon sa buhay ng tao at masukat ang kakayahan nito (Mercado, 2020).

Mahalagang maituro ng guro ang pananaliksik kahit ito ay mahirap sapagkat magagamit natin ang buong laman nito sa ating pang araw-araw na buhay. Isa rin ito sa nagpapalalim sa pag-unawa ng ating kultura at nalalaman ang mga naging nakalipas sa pagbalik tanaw gamit e-resources upang matuklasan ang mga nakaraan ng ating ating mag ninuno. Kaya naman, kahit na mahirap itong ituro ay mayroon pa rin na tumatangkilik na mga mag-aaral at pinapahalagahan nila ito dahil sa bunga ito ng ating kasaysayan. At sa kabila ng lahat, maituturing na ang pananaliksik ay isang susi sa pag-unlad ng ating sarili at bansa. Samakatuwid, mahalaga rin na maunawaan natin na dapat nating pag-aralan ang elektronikong mapagkukunan upang mas lalo natin itong bigyang pansin at hindi makalimutan. Maraming dahilan kung bakit natin kailangan pag-aralan ang isang aklatan, ang pinakamahalaga ay hindi natin makalimutan at kaalamang 'di makalimutan (Cabigao, 2019).

Kahalagahan ng Pag-aaral

Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, mabibigyang-linaw sa kung sinumang tagahatid ng kaalaman ang

senaryong araw-araw na natutunghayan sa kasalukuyan, mga pangyayaring kinasasangkutan ng mga mag-aaral hinggil sa karanasan ng pagkatuto ng pananaliksik sa tersyarya. Bilang isang mananaliksik, akoy naniniwalang ang pag-aaral na itoy makabuluhan, kapaki-pakinabang na may malaking ambag sa lipunan. Dagdag pa, makabuluhan ang pananaliksik na ito sapagkat nakatutulong sa Institusyon na mabigyan ng solusyon ang kahirapan guro sa pagtuturo ng pananaliksik. Ito ay makabuluhan din sa mga Filipino Major na mga guro sapagkat sila ang nagtuturo ng pananaliksik at sila ang daan upang mas mapabuti ang pagtuturong pananaliksik, magiging daan din ito upang magkaroon sila ng impormasyon patungkol sa mga paraan ng kung paano gagamitin ang elektronikong maapagkukunan sa pananaliksik.

Ito ay magiging kapaki-pakinabang din sa mga mag-aaral na namulat sa mga karanasan ng mga guro na magsisilbing nilang motibasyon nila na pag-ibayuhin pa ang kanilang pag-aaral sapagkat ginagawa ng mga guro ang lahat upang maibigay ang nararapat na kaalaman sa kabila ng kanilang kahirapan sa pagtuturo.

Gayundin, mahalaga ang pag-aaral na ito sa mga susunod pang mananaliksik dahil maipagpapatuloy pa nila ang adhikain ng mananaliksik sa ngayon. Kung hindi man maaksyunan agad ang suliraning ito ay ang mga sumusunod na mananaliksik ang siyang gagawa upang mapagtagumpayan ito.

Katuturan ng mga Katawagang Ginamit

Sa higit na ikalilinaw ng pag-aaral na ito, ang pagtuturo ng E-resources sa pag-aaral ng isang pananaliksik malimit nang sinasabi ng mga mananaliksik kung ano ang mararanasan at madarama sa bawat paggaludad ng mga impormasyon sa pananaliksik. Ang tungkulin niya na iparanas sa mga susunod pang mananaliksik ang kabuuan ng pananaliksik upang kanilang maibahagi sa susunod (Badayos, 2017). Ang pag-aaral ng pananaliksik ay isang mahabang proseso lalo na sa mga mag-aaral nahihirapan sa pagkuha ng mga punto at mga ideya na may kaugnayan sa kanilang isinasagawang pananaliksik. Sa kabilang banda, ang pasisiyasat sa mga karunungan patungkol sa pananaliksik ay malaking impluwensiya di lamang sa guro pati na din sa mag-aaral upang mas maunawaan ang pananaliksik.

Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral

Ang penomenolohikal na pananaliksik na ito ay nilimitahan sa mga naibahaging sagot at karanasan ng mga pitong mag-aaral na nahihirapan sa paggawa ng pananaliksik sa tersyarya. Ginawa ang pananaliksik sa loob ng buwan ng Oktubre sa taong panuruan 2022-2023 sa isang pribadong lugar na walang sagabal sa kanilang pagsagot sa mga katanungan. Ang naging partisipante sa pag-aaral na ito ay mga mag-aaral na kasalukuyang nag-aaral ng pananaliksik sa institusyon ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Sa pito na partisipante, pito (7) ang sumailalim sa pinalalim na panayam (In-Depth-Interview) at pito (7) naman sa Focus Group Discussion. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong maibahagi ang karanasan at hamon ng mga mag-aaral at matugunan ang kanilang kahirapan sa pagkatuto ng pananaliksik sa tersyarya.

Gayunpaman, may mga pangyayari na hindi inaasahan, gaya na lamang nang hindi naging handa sa paglahok ang ibang partisipante lalong-lalo na kung ang pagkakataon ay tumugma sa araw ng kanilang klase at ang iba ay inaatupag pa ang mga gawaing pampaaralan na nakaapekto sa kanilang sagot sa kawalan ng pokus. Samakatuwid, ang pag- aaral na ito ay hindi magiging matagumpay kung wala ang presensya ng mga partisipante.

Kabanata 2

METODOLOHIYA

Ang buong kabanata ay tumatalakay sa mga paraan at mga disenyo na ginamit sa pag-aaral ng mananalik

sik. Ito ay nahahati sa sumusunod na bahagi: disenyo ng pananaliksik, tungkulin ng mananaliksik, mga partisipante ng pananaliksik, pinagkukunan ng mga datos, pamamaraan sa pagkuha ng mga datos, pagsusuri ng mga datos, pagtitiwala sa kawastuhan at kredibilidad ng pag-aaral at etikal na kondisyon ng kung saan binibigyang-diin ang pagsasaalang-alang sa paniniwalang moral upang mapangalagaan ang kapakanan ng mga partisipante at maipakita ang respeto sa kanila bilang mga kalahok sa isinagawang pag-aaral.

Disenyo ng Pananaliksik

Ayon kina (Gonzalez E, et al., 2020), para sa mga mag-aaral at baguhang mananaliksik, una naming ipinakilala ang isang buod at mahahalagang katangian ng bawat diskarte. Pagkatapos, gamit ang dalawang karaniwang konteksto ng pananaliksik, inilalapat namin ang bawat diskarte sa disenyo ng isang pag-aaral, na nagpapagana ng mga paghahambing sa mga diskarte at nagpapakita ng panloob na pagkakapare-pareho sa loob ng bawat diskarte. Dahil sa nuance at pagiging kumplikado ng qualitative research, ang papel na ito ay nagbibigay ng isang accessible na panimulang punto kung saan maaaring simulan ng mga baguhang mananaliksik ang kanilang paglalakbay sa pag-aaral tungkol sa, pagdidisenyo, at pagsasagawa ng qualitative research.

Sa kontekstong ito, ginagamit ang kwalitatibong disenyo sa pananaliksik sapakat ang layun nitong tuklasin ang karansang dinanas ng mag-aaral, kanilang mga karanasan, napagtatagumpayan ang hamon at pananaw na maaari nilang maibahagi sa iba. Ang mga nakihang datos ay nakalap sa pamamagitan ng pasalita kung kayay di ito masusukat. Ang mga nakuhang datos ay nagmula sa institusyon na pinapasukan ng mga partisipante. Hindi sakop ng kwalitatibong pag-aaral ang tritment o pagmamanipula ng mga baryabol, o gumawa ng operasyunal na depinisyon ng mga baryabol para sa mga partispante. Ito ay nagbibigay daan upang ang mga partisipante mismo ang magbigay kahulugan sa pinag-aralan.

Ang penomenolohiya ayon pa kay Harrapa (2021), nag-mula sa sikolohiya, edukasyon at pilosopiya. Hangad nitong kunin ang makatutuhan na data na di pa nakakamtan noon. Kadalasan ang mananaliksik ay naglalahad ng pansariling tala patungkol sa kanilang natutuhan mula sa datos. Dumagdag rito ang kahalagahan ng datos, na naging gabay ng tagapagliksik na baguhin ang nilalaman upang makagawa ng walang pinapanigan na pagpapahayag.

Itinatag rin na ang pangunahing hamon ng penomenolohiyang pamamaraan ay ang pagiging partisipatibo sa pag-aaral ng karanasan ng isang tao sa ilalim ng isang penomena na naglalayong magbigay-diin sa mga pangunahing katangian ng mga hindi pangkaraniwang bagay na iyon. Ito ay nangangailangan ng pansamantalang pagtalikod ng mananaliksik sa kanyang sariling pananaw, paniniwala, at mga haka-haka upang makapokus sa karanasan ng mga kalahok sa mga bagay na hindi pangkaraniwan at maunawaan ang diwa ng mga hindi pangkaraniwang bagay na ito. Isa sa mga mahalagang kontribusyon ni Husserl sa pilosopiya at agham ay ang pamamaraang kanyang itinatag na nagbibigay-daan sa mga mananaliksik na ilayo ang kanilang sarili mula sa natural na pag-uugali at kamalian na pag-unawa sa isipan ng tao at magbukas ng larangan ng *transcendental subjectivity* bilang isang bagong aspeto ng pagsusuri (Staiti, 2012; Lopez, 2004).

Gagamitin dito ang tiyak na penomenolohiyang paggalugad dahil ito ay nagbigay daan sa mananaliksik na unawain ang kakanyahan ng karanasang ibinigay ng mga kalahok. Dagdag pa, ang isang penomenolohikal na pananaliksik ay nagbabalangkas ng isang laganap na konotasyon sa pagitan ng mga kalahok sa pag-aaral at ang kanilang mga buhay na karanasan sa isang partikular na panahon. Samantala sa pananaliksik na ito, isinusugod ang ideyang lubos na makatulong sa pananaw na makukuha sa pamamagitan ng isang *closed-question survey*. Ang kasangkot na kalahok ay malayang magbabahagi ng

kanilang mga karanasan, kaisipan, at damdamin nang walang takot mahusgahan. Ang penomenolohikal na dulog ay mainam na diskarte sa pananaliksik, ito ay nagpapahintulot sa mananaliksik na balikan ang mga tugon na ginawa ng mga kalahok sa *real-time*, pagbuo ng isang *valuable* na diyalogo na umiikot sa paksa- *something that a structured survey cannot do* (Tiley, 2017).

Ang kahalagahan sa partikular na pananaliksik ay siyasatin ang mga nagiging buhay ng mga mag-aaral bilang Isang baguhang mananaliksik sa larangan ng pananaliksik sa Filipino sa paaralan ng *Kapalong College of Agriculture, Sciences ang Technology* na kasalukuyang nakikipagbuno sa kakulangan ng mga mapagkukunang datos. Gayunpaman, ang mananaliksik ay dapat na magtanong sa isang serye ng iba-ibang mga katanungan upang makuha ang buong kahulugan ang mga karanasan ng mga kalahok.

Mahigit dito, ang pamamaraang ito ay isinagawa sa pamamagitan ng *in-depth interview* at *focus-group discussion* upang makuha ang mga datos ukol sa karanasan ng mga mag-aaral na nagsasagawa ng pananaliksik sa ika-tatlong taon at ika-apat na taon sa kolehiyo. Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ng mga interaksyon sa mga tao upang mailahad ang kanilang mga iba-ibang pananaw at maipakita ang kanilang mga damdamin at karanasan hinggil sa pananaliksik sa Filipino.

Tungkulin ng Mananaliksik

Ang tungkulin ng mananaliksik sa isang kwalitatibo na pananaliksik ay napakahalagang isaalang-alang para sa matagumpay na pagsisiyasat sa anumang suliraning panlipunan. Mahalaga ang partispasyon at oras na ilalaan ng mananaliksik sa pag-aaral para makuha mismo ang mahahalagang pangyayaring dinanas ng mag-aaral sa paggamit ng elektronikong mapagkukunan sa pananaliksik.

Sa pagsasaalang-alang bilang isang tagapagliksik, ang tagapagliksik ay susunod sa prinsipyong inilahad (Cresswell, et. al., 2018), na nagsasabing ang kwalitatibo na pagsisiyasat ay nangangailangang ang mananaliksik ay nakahanda para sa isang malawak na panahon sa pagkolekta ng datos, pag-analisa ng mga datos at sumulat ng mahahabang sulatin. Mahabang pasensya ang kinakailangan upang mapagtatumpayan ang ginawang pag-aaral. Mataas na panahon at araw ang nakalaan upang maging matagumpay sa pag-aaral. Ang tagapagliksik ay dapat may kasanayan, kakayanahan, kumpyansa at didikasyon upang sa gayong pamamaraan naging makabuluhan ang ganawang pananaliksik.

Sa isingawang pag-aaral, ang tagapagsaliksik ay kailangang isasalang sa malalim na proseso ang mananaliksik. Magsusumite ng kailangang sulat pahintulot sa magkaibang nakakataas na kinauukulan na may kaugnayan sa pagsasagawa ng pag-aaral. Sa pagsisimula ng pananaliksik, ang mananaliksik ay kukuha ng mga datos mula sa mga maaasahang partisipante. Ang datos na nakukuha ay nakadokumento at dadaan sa mga eksperto. Susundin ko rin ang pamamaraan mula sa mga dalubhasa base sa teorya na nakalap. Gagamitin ko ang pamamaraan na ito para sa magandang pundasyon ng aking pananaliksik.

Pagkatapos, personal na humawak ng sulat na humihingi ng permiso sa mga mag-aaral na partisipante upang isagawa ang pag-aaral. Kasunod nito, humarap ang mananaliksk sa kanila upang personal na humingi ng permiso at ipaliwanag na ang pag-aaral na isasagawa at hiningi ng iskedyul sa mga partisipante. Sila ay kusang-loob na magdedesisyon kung sila ay sasang-ayon o hindi sa gagawing pagsasaliksik.

Bilang isang mananaliksik, masipag at matiyagang inioorganisa at isasagawa ang oryentasyon sa mga partisipante tungkol sa pag-aaral, ang layunin nito at ang proseso. Ang mananaliksik rin ang nagsasagawa ng aktuwal na pagkuha ng mga datos, ako mismo ang personal na nagsasagawa ng interbyu at pagdokumento sa pamamagitan ng paggamit ng audio recorder sa pagsagawa ng pinalalim na panayam at pangkalahatang talakayan sa pagrekord ng sagot ng mga partisipante. Gumamit din ang mananaliksik ng research journal kung saan sinulat ang mga personal na reaksyon, repleksyon, pansariling-pananaw at kung paano naisagawa ang pag-interbyu. Personal ring inihanda ang mga katanungan sa isinagawang

interbyu at aking isinama lahat ng mahahalagang katanungan at ginabayan ang mga partisipante sa pagbigay ng mga impormasyong mahalaga sa pag-aaral na ito.

Bilang tagatala, ang mananaliksik ay itinala ang mga kasagutan ng mga partisipante nang wasto at tama. Walang dagdag at bawas mula sa mga nakuhang impormasyon. Sa pag- aanalisa ng mga datos na nakuha, at pagbubuo ng mga tema ng mga resulta ang mananaliksik ay humingi ng tulong sa tagapag-analisa ng datos at sa tagapayo.

Matapos ang lahat ng ebalwasyon at pagsusuri, responsibilidad ng mananaliksik na pangalagaan ang anumang naging tugon ng mga partisipante sa ginawang pag-aaral at itinala ang wasto at tamang tugon sa mga katanungang inilahad. Sa pagsusuri sa mga respondanti ay dapat isaalang-alang ang otoridad nga mga taga sagot o respondanti para sa mga sagot ng mga katanungan ng tagapagsaliksik. Ang katampukan ng mga itinala ay magpapatunay sa kaayusan ng pag-aaral. Marapat na wala akong kinikilingan sa mga inilalahad ng mga partisipante (Deininger, et al., 2021).

Mga Partisipante ng Pananaliksik

Para sa praktikal na kadahilanan, inirekomenda nina (Crouch, et al., 2006), na ang pagkakaroon ng 5 hanggang 20 na partisipante sa isang kwalitatibo na pag-aaral ay makakatulong sa isang mananaliksik na bumuo at mapanatili ang isang malapit na relasyon ng sa ganoon ay mapanatili ang tuwiran at bukas na palitan ng impormasyon. Sa katunayan, nakatutulong ito na malimita at mabawasan ang mga banta ng bias ng pagiging hindi pantay at matiyak na likas at balido ang kasagutan ng mga partisipate. Dahil dito, ang tamang sukat na aking napili para sa mas mahusay na pakikipanayam ay 14 na partisipante. Hinati sa dalawang pangkat, 7 para sa pinalalim na panayam (In-Depth Interview) at 7 para sa pangkalahatang talakayan (Focus-Group Discussion) para sa mahusay na pakikipanayam. Sinuportahan din nina (Creswell & Creswell, 2018) na ang pagkakaroon ng 10 at 50 na partikular na partisipante sa pananaliksik, bagama't walang mahirap at mabilis na mga panuntunan tungkol sa kung gaano karaming tao ang dapat mong isali sa lyong pananaliksik, tinatantya ng ilang mananaliksik ang ganoong populasyon upang makamit ang target na populasyon ng mahusay na mapagtagumpayan ang isang masusing pagkalap ng mga datos.

Ang naging batayan ng mananaliksik sa pagpili ng mga partisipante ay ang mga mag- aaral sa asignaturang Filipino na gumawa ng pananaliksik gamit ang elektronikong mapagkukunan sa institusyon ng Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology. Ang mga partisipante rin ay mga mga-aaral sa medyor ng Filipino na nasa ika-apat baitang ng kolehiyo.

Sa pagsakatuparan sa pag-aaral na ito, ginamit ko ang purposive sampling na sapagkat ito ang kadalasang ginagamit sa mga pag-aaral sa kwalitatibo na kung saan ang isang partisipante ay magbibigay sa mananaliksik ng pangalan ng maski-isa pang potensyal na partisipante na angkop sa krayterya ng mananaliksik hanggang ang dami ng mga partisipante. Ang purposive sampling ay kumakatawan sa isang pangkat ng iba't ibang non-probability sampling techniques. Kilala rin bilang Judgmental, selective o subjective sampling. ang purposive sampling ay nakasalalay sa paghatol ng mananaliksik pagdating sa pagpili ng mga unit (hal., mga tao, kaso/organisasyon, kaganapan, piraso ng data) na pag-aaraları. Karaniwan, ang sample na iniimbestigahan ay medyo maliit, lalo na kung ihahambing sa mga probability sampling techniques.

Pamamaraan ng Paglikom ng Datos

Sa kwalitatibo na pananaliksik, hindi kinakailangan na makakuha ng mga datos mula sa lahat ng mga tao sa komunidad. Kinakailangan lamang na pumili ng muwestra ng populasyon sa ibinigay na pag-aaral. Ang mga partisipante ay napili batay sa krayterya sa isang partikular na katanungan sa pananaliksik (Busetto, et al., 2020).

Ang unang ginawa ng mananaliksik ay kumuha ng permiso mula sa Institusyon ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Pagkatapos ay magpasa ng liham pahintulot sa opisina ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology sa pamamagitan ng pag-abot ng liham. Pagkatapos nito, ay personal na nakikipag-usap sa mga partisipante o ng mga kasali sa pananaliksik. Sila ay may kusang-loob na magdedesisyon kung nais nilang makikibahagi sa pananaliksik.

Bago iproseso ang pagkalap at paglikom ng mga kasagutan sa mga inilaang katanungan, ang mananaliksik ay isinisigurado ang oryentasyon patungkol sa proseso ng pag-aaral at namahagi ng informed consent sa mga partisipante ng pananaliksik Sila ay may karapatang umayaw at di magpatuloy na makibahagi sa pag-aaral at sila ay hindi pipilitin. Sa pagkalap at paglikom ng mga kasagutan, ang mananaliksik ay gagamit ang pinalalim na panayam at pangkalahatang talakayan.

Sa pagsasagawa ng pinalaim na panayam, personal pupunta ang mananaliksik sa paaralan ng partisipante kung saan sila nag-aaral. Sila ay iniisa isa kong kinapanayam at itatala nang maigi ang kanilang mga kasagutan.

Samantalang sa pangkalahatang talakayan naman, ako ay maghahanap ng isang pribadong lugar kung saan ko kinapanayam ang akin pang partisipante na kasali sa aking pananaliksik. Ang lugar na iyon ay magsisilbing tagpuan para sa isang maganda at malinaw na pakikipagpanayam. Sinisiguro na maging kampante sila sa lugar na ibinigay ng mananaliksik.

Sa parehong proseso ng pinalalim na panayam at pangkalahatang talakayan, ang mananaliksik ay gagamit ng gabay sa pakikipanayam na kung saan ay naiwasto na ng mga dalubhasa, upang makuha ang mga inaasahang datos mula sa kanilang mga kasagutan. Ang mananaliksik ay magsasama ng kaibigan na siya ang magtatala ng mga kasagutan ng mga partisipante sa field notes. Ang paggamit ng audio recording at video recording ay isa sa kagamitan na isinaalang-alang upang mas higit na maitala ang mga datos ng tama at mahusay. Sinuportahan naman (Crabtree, et al., 2018), ang ideyang ito sa kanilang pahayag sa isang artikulo na ang audio at video recordings ay nagbibigay oportunidad sa mananaliksik na maisalin kung ano ang nangyari sa paligid at paulit-ulit itong pakinggan. Ito ay lubhang mahalaga sa proseso ng pag-analisa ng mga datos.

Pagkatapos isasagawa ang pinalalim na panayam at pangkalahatang talakayan, at pagkatapos makuha ang datos mula sa kasagutan ng partisipante, ay isasalin na ng mananaliksik ang kanilang mga kasagutan sa verbatim sa tulong ng kaibigan na siya ring nagtala ng mga kasagutan ng mga partisipante sa pagsagawa ng pinalalim na panayam at pangkalahatang talakayan. At hihingi ang mananaliksik ng tulong mula sa kanyang tagapayo at sa eksperto upang maiwasto ang mga tema sa kinalalabasan ng aking pananaliksik.

Pagsusuri ng Datos

Ang pagsusuri ng datos ay isasagawa pagkatapos ng pagkalap ng mga datos na may kaugnayan sa aking pananaliksik. Ang mga datos na nakuha mula malalim na panayam at pangkalahatang talakayan ay masusing itatala at isasalin sa verbatim.

Ang pagkakilanlan ng mga partisipante ay manatiling kompidensyal sa pamamagitan ng paggamit ng code o alyas. Ang code sa isang kwalitatibong pag-aaral ay mga salita o parirala na ibinigay sa bawat partisipante at ito ay makikita sa mga datos na nakuha. Ang mga datos ay magmumula sa isinagawang pinalalim na panayam at pangkatang talakayan at itinala sa observational field notes, jomal at iba pang dokumento na ginamit ng isang mananaliksik (Mathew S, et al., 2023).

Ang resulta sa gagaawing pananaliksik ay aanalisahin gamit ang tematikong pagsusuri. Ang tematikong pagsusuri ay isang pamamaraan ng pagtukoy, pag-aanalisa at pag-uulat o mga tema na matatagpuan sa datos na nakakalap (Stanton, K., et al., 2020).

Ang mga kasagutan na ibibigay ng aking mga partisipante mula sa pinalalim na panayam at pangkalahatang talakayan ay inalisa sa mga iba't ibang posibling tema. Ang mananaliksik ay hihingi ng tulong sa taga analisa ng datos at sa tagapayo upang mas lalong makabuo ng masusing pagsusuri sa mga tema ng pananaliksik.

Pagtitiwala sa Kawasatuhan at Katutuhanan ng Pag-aaral

Sa kwalitatibong pananaliksik na ito, upang matugunan ang kredibilidad sa pag-aaral. ang pagtiwala sa kawastuhan ay aking pahalagahan. Para kina (Ming Yin, et al., 2019), ang pagtitiwala sa kawastuhan ay kinabibilangan ng apat na krayterya na nangangailangang pagtuonan ng atensyon; halaga sa katotohanan (para sa credibility), pagiging akma (para sa transferability), hindi pagbabago (para sa dependability) at neutralidad (para sa confirmability).

Ang katotohanan ay tumutukoy sa kung ang resulta ng pag-aaral ay nag-rerepresenta ng kapani-paniwalang konseptwal na interpretasyon at pag-analisa sa mga datos mula sa mga orihinal na datos ng mga partisipante. Para matugunan ang isyu ukol sa credibility. gagamit ako ng ilang mga pamamaraan tulad ng trayanggulasyon, paulit-ulit na pagtatanong at member checking.

Ang trayanggulasyon ay maaaring sumangkot ng maramihang pagkukuhan ng mga datos at mga pamamaraan, mga komento at kakayahan ng mga tagapag-analisa at gumamit ng iba't ibang mga teorya para sa balidasyon at beripikasyon sa mga natuklasan (Amy Rechkemmer, Ming Yin, 2022). Sa pananaliksik na ito, may mga partisipante ang mananaliksik mula sa pinalalim na panayam at pangkatang talakayan at ang mga makuhang datos ay idadaan sa trayanggulasyon bilang suporta sa pananaliksik na ito. Paulit-ulit na pagtatanong ay gagamitin ayon kina (Ming Yin, et al., 2019), sa pamamagitan nito makukuha ang mahahalagang konsepto at kasagutan na magagamit bilang pagtukoy sa kawastuhan ng mga nakuhang resulta. Sa aking pananaliksik, ang paulit-ulit na pagtatanong ay isang batayan sa pagkuha ng mahahalagang resulta na may kaugnayan sa aking pananaliksik at sa pamamagitan din nito malaalis ko ang mga kasagutan na hindi angkop sa aking pag-aaral. Isinisigurado ko din na maisagawa ko ang member checking matapos makolekta ang mga datos sapakat ayon ito kina (Ming Yin, et al., 2019), ang member checking ay isang pamamaraan upang masiguro ang credibility.

Sa aking pananaliksik, pagkatapos kong makuha ang lahat ng datos at maisalin ito sa tulong ng aking tagapag-analisa ng datos at ng aking tagapayo, sinisiguro ko din na mabigyan ng pagkakataon ang mga partisipante na mapag-aralan kung tama ang impormasyong naibigay at upang masiguro ang kredibilidad ng resulta ng pananaliksik. Sa pamamagitan din nito, nasisiyasat at mabeberipika ang katumpakan ng kanilang mga pahayag at upang mas higit na masuri ang buod ng proseso ng pag-intindi sa mga datos pati na rin ang mga resulta (Przybyla, 2020).

Ang transpiralidad ay nagpapakita na ang mga natuklasan ay naaangkop sa iba pang mga konteksto. Ang pagbibigay-diin sa karagdagang impormasyon ay mahalaga sa pagsasagawa at paglilipat na datos na magagamit sa iba pang mga kaugnayan na pananaliksik (Mufan Luo, et al., 2020). Sa pagkakaroon ng tranperalidad sa aking pananaliksik, ako ay gagawa ng isang detalye at makapal na deskripsyon sa aking pamamaraan at penominal na nakasentro sa aking pag-aaral at sisiguraduhin na lahat ng aking datos ay nakaayos upang ang kredibilidad at transperalidad ng aking pananaliksik ay tama at wasto.

Ang pagkamaaasahan ay pagtatala sa mga kalidad ng mga pinagsamang proseso sa pagkolekta ng datos, pagsusuri ng mga datos at phenomenal na pagpapaliwanag (Jessica L, et al., 2020), Binigyang-diin naman ni (Ming Yin, et al., 2019), ang kalapitan ng credibility at dependability. Ayon sa kanila, ang demonstrasyon ng credibility ay nagbibigay ng kahalagahan sa paniniguro ng dependability. Ito ay makakamit sa pamamagitan ng "overlapping methods", kagaya ng palalim na panayam (In-Depth intervi

ew) at pangkalahatang talakayan (Focus-Group Discussion).

Sa aking pananaliksik, binigyang-halaga ko ang pagkamaaasahan sa pamamagitan ng paglalahad ng lahat ng detalye ng lahat ng prosesong aking ginawa upang mas higit na maintindihan ng susunod pang mananaliksik na mag sasagawa ng pag-aaral may kaugnayan sa aking pananaliksik. Akin ding ginamit ang "overlapping method" kagaya ng pagsasagawa ng iba-ibang pamamaraan sa pagkuha ng datos tulad ng palalim na panayam (In-Depth Interview) at pangkatang talakayan (Focus Group Discussion) gamit ang Interview guide question at pagsagawa ng trayanggulasyon sa mga datos na nakuha. Panghuli ang confirmability ay tinatawag din na auditability, isang sukatan kung gaano tumutukoy sa antas ng neutralidad o ang lawak kung saan ang mga resulta ng pag-aaral ay inihugis ng mga partisipante at walang pagkiling, motibo at interes ng mananaliksik (Cohen & Crabtree, 2008). Ang confirmability ay isang sukatan kung gaano kabuti ang resulta ng pananaliksik na suportado ng mga datos na nakolekta (Amy Rechkemmer, Ming Yin, 2022).

Ang detalyeng paglalahad sa mga prosesong gagawin ay nagbibigay ng mas malinaw na pagkakaintindi kung paano nakuha ang mga datos na gamit sa pananaliksik. Ang pinakamahirap sa proseso ng confirmability ay ang tinatawag na audit trail. ito ay nagpapahintulot sa mga mambabasa na malaman ang pagkasunod-sunod na proseso na ginawa sa pananaliksik at ito ay ayon kina (Amin, et al., 2020).

Sa aking pag-aaral, tiniyak kong makuha at maligpit nang maayos at ligtas ang mga datos na aking nakuha upang sa panahon ng pangangailangan ang aking research panel at aking tagapayo ay madali nilang makita at mawasto ang bawat interpretasyon at konklusyon ng aking pananaliksik na may malinaw at totoong pinagmulan.

Pagsasaalang-alang sa Paniniwalang Moral

Napakahalaga para sa isang pag-aaral na maipakita ng isang tagapagsiyasat ang pagsasaalang-alang sa paniniwalang moral at etikal na konsiderasyon. Bilang bahagi ng pagsasagawa ng pananaliksik, nararapat lamang na unahin ang kanilang kapakanan at seguridad upang hindi mawala ang pagtitiwalang kanilang ibinigay sa mananaliksik. Sinunod lahat ng mananaliksik ang mga etikal na pamantayan sa pagsasagawa ng pag-aaral batay kina (LKC Hunt, et al., 2023), Ito ay ang mga sumusunod: respeto sa mga tao, katarungan, pahintulot at konpidensyalidad.

Ang respeto sa tao ay obligasyon ng mananaliksik upang hindi mapagsamantalahan ang kahinaan ng kalahok sa pananaliksik. Mahalagang isinaalang- alang ang paggalang ng mga kalahok, lalo na sa kanilang karapatan upang mapanatili ang mabuting ugnayan at pagtitiwala sa batwat isa. Humingi ako ng pahintulot sa kinauukulan kung saan hinango ang mga datos sa pag-aaral. Kasunod nito, humingi rin ako ng pahintulot sa tagapangasiwa ng paaralan bago sinimulan ang pagsisiyasat (Sara Goering. et al., 2024).

Napakahalaga rin ng pagbibigay ng liham pahintulot para sa pagpapakita ng respeto sa lahat ng kinauukulan (Sara Goering, et al., 2024). Sa pamamagitan nito, maipapahayag sa mga partisipante ang layunin ng pag-aaral na kanilang lalahukan at makumpirma ang kanilang sariling pagpapasya sa pakikilahok, tinataglay ng liham na ito ang pangunahing layunin sa pagsasagawa ng pananaliksik, gayundin ang mga personal na impormasyon ukol sa mananaliksik.

Sa kontekstong ito, ipinapakita lamang ang pagbibigay respeto sa partisipante na nangangahulugang nirerespeto rin ng mananaliksik ang kanyang pag-aaral. Ang pagbigay ko ng respeto sa kanila katulad ng pormal na pagbibigay ng liham pahintulot at pagtanong sa kanila kung gusto ba nilang makibahagi sa pag-saral na ito. Nagpapakita na seryoso ako sa mga inihanda kong katanungan maging na rin sa seryoso ako na makatanggap din ng mga totoong sagot mula sa kanilang naging karanasan sa pagsasalita ng wikang Filipino at pati na rin sa paghahanap ng tamang panumbas.

Isinaalang-alang ko ang prinsipyong *beneficence* na tumutukoy sa pagpapahalaga sa mga partisipante, masigurado ang kanilang buong katauhan, limitahan ang posibleng benepisyo ng pag-aaral at limitahan ang posibleng kapahamakan ang mananaliksik at ng partispante (Vilma Žydžiūnaitė, 2018).
Sa kontekstong ito, ipinapahiwatig lamang na dapat na maiwasan ang panganib at maging balance lamang ang lahat. Ang benepisyo ng pag-aaral na ito ay maaaring makuha mula sa partisipasyon o sa pagkakataong makagawa nang mabuti sa komunidad o makatanggap ng pagpapahalaga.
Ang katarungan ay nangangailangan ng makatwirang alokasyon dala ng panganib at mga benepisyo bilang resulta ng pananaliksik. Ito ay napakahalaga upang kilalanin ang mga kontribusyon ng mga kalahok dahil sa pangkalahatan, sila ay bahagi ng ikatatagumpay ng pananaliksik. Sila ay nararapat lamang na mabigyan ng pagpapahalaga sa kanilang pagmamalasakit (Elizabeth A. Law, et al., 2018).

Kabanata 3
RESULTA

Ang impormasyon na nakuha mula sa pagsasaliksik na ito ay mahalaga sa pagkamit ng mga positibong resulta. Ginamit ang mga pamamaraan ng In-depth Interview at Focus Group Discussion para makalap ang mga datos, na kung saan ang mga smartphone at voice recorder ang ginamit sa pagsasagawa. Ang mga sagot ng mga kalahok ay na-transcribe, na-encode, at isinalin sa wikang Filipino bago sumailalim sa masusing pagsusuri upang tiyakin ang kahusayan at ang pagkakategorya ng mga tema. May kabuoang 14 (labing-apat) na kalahok sa pananaliksik na ito, pito (7) para sa pinalalim na panayam (In-Depth Interview) at pito (7) para sa pangkalahatang talakayan (Focus-Group Discussion) na pawang mga mag-aaral ng BSED Filipino na gumagawa ng pananalikaik bilang isang pagpatunay makapagtapos na nasa ikaapat na taon sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology isang lokal na kolehiyo ng Davao del Norte (KCAST) na may karanasan sa akademikong pananaliksik. Ang kanilang mga kontribusyon ay nakatulong sa pagbibigay-liwanag sa tamang pamamaraan o stratihiya sa pananaliksik o pagsalin ng mga akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino.
Ang bahaging ito ay nagbigay ng mga detalye sa resulta ng qualitative analysis upang sagutin ang mga sumusunod na katanungan sa pananaliksik:

1. **Ano-ano ang mga karanasan ng mga partisipanteng mag-aaral sa paggawa ng pananaliksik gamit ang mga *English na E-resources*?**
2. **Paano napagtagumpayan ang hamon na kinahaharap ng mga mananaliksik gamit *English* na *E-resources*?**
3. **Ano ang karanasan na maaaring maibahagi sa susunod na mananaliksik ng Filipino gamit ang *English* na *E-resources*?**

Ang kabanatang ito ay nahahati sa apat na bahagi: ang Unang Bahagi ay tungkol sa datos ng mga kalahok kung saan nakolekta ang *qualitative data*; saklaw naman ng Ikalawang Bahagi ang pagsusuri ng datos, mga pamamaraan, at ang mga hakbang sa pagkakategorya ng mga umuusbong na tema mula sa resulta ng *In-depth Interview* at *Focus-group Discussion*; ang Ikatlong Bahagi ay tumatalakay sa mga tugon sa panayam sa ilalim ng mga problema sa pananaliksik; ang pang-apat na bahagi naman ay naglalaman ng buod ng mga tugon.

Mga Kalahok

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga mag-aaral ng BSEd Filipino na nasa ikaapat na taon na may karanasan sa pananaliksik na gumagagamit ng *english e-resources* ng mga akademikong pananaliksik. Sa kabuuang 14 na nakilahok sa pag-aaral na ito. Kabilang ang 14 na kalahok para sa *in-depth interview* at

focus-group discussion. Sa 14 na kalahok na ito, 7 ang napabilang sa *in-depth interview*, at 7 para naman sa *focus-group discussion*. Silang lahat ay mga mag-aaral ng *BSEd Filipino* na may karanasan sa pananaliksik ng mga akademikong pananaliksik.

Alinsunod sa prinsipyo ng kumpidensyalidad, isang palayaw ang ipinangkakaloob sa bawat kalahok sa panahon ng in-depth interview, sumusunod sa pamamaraang ginamit ni Bernal (2014). Ang mga palayaw ay pinili ng mga kalahok mismo, batay sa kanilang kagustuhan at kakaibang pisikal na katangian, pati na rin ang kanilang mga tugon at pag-uugali na natutunghayan sa buong sesyon ng panayam.

Halimbawa, *Liwanag* ang palayaw sa kalahok dahil sa kanyang matibay na tiwala sa sarili at kahandaan sa mga sagot, na nagpapakita ng isang matatag at tiwala sa sarili na pag-uugali sa buong sesyon ng panayam. *Hingal* ang palayaw ng kalahok dahil sa kaniyang walang tigil na pagke-kwento nang mabilis sa kanyang mga naging karanasan sa hamon. *Rapido* ang palayaw ng kalahok dahil sa kanyang mabilis, maiksi at walang pag-aalinlangang pagsagot sa buong sesyon ng panayam. *Panatag* ang palayaw ng kalahok sapagkat siya ay nakitaan ng mataas na kumpyansa sa sarili habang sumasagot sa mga katanungan. *Buhawi* ang palayaw ng kalahok dahil sa matatalino at matalas na mga sagot sa mga tanong, na nagpapakita ng malalim na kaalaman at karunungan. *Salamin* ang palayaw ng kalahok dahil sa kanyang pagkakaroon ng kalinawan, maayos, at malinaw na mga kasagutan sa mga katanungan. *Lakbay* ang naging palayaw ng kalahok dahil siya ay nagkaroon ng kalituhan sa kanyang naging karanasan sa paggawa ng pananaliksik, ngunit hindi ito naging hadlang upang hindi niya matapos ang kanyang papel. *Hiyas* ang palayaw sa kalahok dahil umaasa siya sa sariling kahulugan at determinasyon upang mapabuti ang kanyang kasanayan sa pagsasalin ng mga akademikong teksto at sa pagpapalawig pa ng kanyang kaalaman sa asignaturang Filipino.

Ligaya ang palayaw ng kalahok dahil sa kanyang pagiging masiyahin, mataas na kumpyansa sa sarili, at palangiting personalidad sa buong sesyon ng panayam. *Mata* ang palayaw ng kalahok dahil sa kanyang kagustuhang makita at maunawaan ang mga salita sa Ingles na walang pagsasalin sa Filipino na kung saan ito ang nagpapahirap sa kanya sa hamon ng pagsasalin. *Mayumi* ang palayaw ng kalahok dahil sa kanyang taglay na magalang na personalidad, positibong personalidad, at mahabang pasensya na kanyang ipinakita sa buong sesyon ng panayam. *Hangin* ang palayaw sa kalahok dahil sa kanyang malakas na tiwala sa sarili na malagpasan ang mga hamon na kanyang kinakaharap sa pagbuo ng isang pananaliksik sa Filipino.

Lahat ng mga kalahok ay sumagot sa parehong hanay ng mga tanong. Ang pagpili ng mga kalahok ay batay sa kanilang partisipasyon at karanasan bilang mga mag-aaral ng *BSEd Filipino* na may karansan sa pananaliksik na gumagagamit ng *english* na *e-resources* ng mga akademikong pananaliksik. Ang pinalalim na panayam ay isinagawa sa pamamagitan ng *face-to-face* na panayam dahil mas magiging kumportable ito sa kanilang oras ng kagustuhan, na nagbibigay-daan sa mas malalim na paningin at mas mahusay na pagpakahulugan. Bukod dito, maaring tuwirang mabigyan ng linaw at sumagot sa mga sumusunod na katanungan, na nagtataguyod ng mas malawakang pagkaunawa sa mga karanasan ng mga kalahok.

Talahanayan 1
Propayl ng mga Kalahok

In-Depth Interview **(Pinalalim na Panayam Ngalang Sagisag)**	**Edad**	**Kasarian**	**Code**
Liwanag	19	Babae	IDI-01
Hingal	23	Babae	IDI-02

Rapido	20	Lalaki	IDI-03
Panatag	24	Babae	IDI-04
Buhawi	21	Babae	IDI-05
Salamin	21	Babae	IDI-06
Payaso	22	Lalaki	IDI-07
Kabuuan: 7			
***Focus Group Discussion* (Pinalalim na Panayam Ngalang Sagisag)**	**Edad**	**Kasarian**	**Code**
Tono	20	Babae	FGD-01
Lakbay	21	Babae	FGD-02
Hiyas	21	Babae	FGD-03
Ligaya	23	Babae	FGD-04
Mata	23	Lalaki	FGD-05
Mayumi	20	Babae	FGD-06
Hangin	22	Babae	FGD-07
Kabuoan: 7			
Kabuaon: 14			

Pagkategorya ng Datos

Matapos ang pagsagawa ng mga pinalalim na panayam, ang mga tugon sa panayam ay sinulat, isinalin, at inanalisa. Sinimulan ang analisis sa pamamagitan ng proseso ng pag *code*, na kinasasangkutan ng pag-organisa ng mga materyales sa mga bahagi ng teksto upang makakuha ng makabuluhang impormasyon. Sa pamamagitan ng pagku-*code*, nabuo ang mga paglalarawan ng mga kalagayan ng mga kalahok at mga temang kategorya upang magbigay ng pangkalahatang paglalarawan sa phenomenon na sinasaliksik. Ang mga resulta ng datos ay iniharap sa pamamagitan ng isang talahanayan. Ang datos na nakuha ay ipinasa sa data analyst para sa pagsusuri ng datos at pagbuo ng mga lumalabas na tema.

Nakasanayan na ang mga tema ay hinuhugis sa pangkalahatang paglalarawan ng isyung pinag-aaralan. Ang mga datos na nakalap ay iniabot sa nakatalagang *data analyst* upang aprubahan at i-*verify* ang datos at ang mga umuusbong na tema na ginawa at sinuri ng mananaliksik.

Sa pagkategorya ng mga datos, ang mga tema ay inilahad sa bawat talatanungan upang ito ay hatiin sa iba't ibang kategorya at makabuo ng sentrong tema. Ang mga temang nabuo mula sa pag-aaral ay masusing tinalakay upang makapaglahad ng tuwirang mga deskripsyon. Dagdag pa rito, ang pag-aanalisa ng mga datos na makikita sa Talahanayan 2, 3, at 4 upang maikategorya ang mga datos na ito, ang mga tema ay inilahad sa bawat katanungan ng pag-aaral at tinawag na mga sentrong tema. Ang nasa tapat naman ng mga mahahalagang tema sa talahanayan ay ang mga kasamang ideya mula sa tugon ng mga partisipante. Idinagdag ang isang hanay sa talahanayan na ipinapakita ang *frequency* ng mga tugon, na kung saan naging batayan para sa klasipikasyon ng pangkalahatan, tipikal at nauuri base sa natalakay.

Unang Tanong sa Pananaliksik: Ano ang karanasan ng mga partisipanteng mag-aaral sa paggawa ng pananaliksik gamit ang mga *English* na *E-resources*?

Upang sagutin ang tanong na ito sa pananaliksik, isinagawa ang pinalalim na panayam sa mga kalahok, ayon sa kanilang pagkakasunod-sunod. Samakatuwid, maraming *sub questions* ang itinanong upang

maunawaan ang kanilang mga karanasan hinggil sa kanilang karanasan ng mga partisipanting mag-aaral sa paggawa ng pananaliksik gamit ang ingles *e-resources*.

Talahanayan 2
Mga Karanasan ng mga Partisipanting Mag-aaral sa Paggawa ng Pananaliksik Gamit ang Ingles E-resources

Mga Pangunahing Tema	Pansuportang Pahayag
Karanasan ng Mananaliksik sa Pagkuha ng Datos Gamit ang English E-resources	• "Bilang isang mag-aaral na may pananaliksik na ginagawa. Isa sa mga karanasan ko sa paggamit ng English E-resources ay mas napapadali ang paghahanap ko ng mga literatura na siyang magagamit ko sa pananaliksik. Gayunpaman, mahirap parin sa parte, kung saan kinakailangan kung kunin ang mensahe sa kadahilanang kailangan ko pa itong isalin sa Filipino". IDI-1 • "Ang nakita kong hadlang sa paggamit nito ay ang…. Amm…mahirap hanapin ang mga Filipino words na nakasulat, kumbaga kailangan mo pa itong isalin sa English kaya mas marami ang lumabas na mga teksto na kailangan sa pananaliksik". IDI-3 • "Ang dapat isaalang-alang ay kung ang sites o kung saan naggaling ang resources ay mapagkakatiwalaan ba at sakto kung ano ang hinahanap ko na resources". IDI-5 • "Okey, so… so sa Filipino man gud is wala kaayoy mga resources na… ay wala kaayoy daghan, na daghan na resources na marelate sa akong study and lisod pud jud siya, ang ingles e-resources kay dako kayo siyag tabang sa akoang pananaliksik since daghan kag makuha na information didtoa na marelate jud nimo siya sa imong study". FGD-4
Limitadong Mapagkukunan ng Filipino Sources Mula sa English E-resources	• "So bilang mananaliksik, isa sa mga pinakamahirap bilang mananaliksik ng Filipino sa paggamit ng English e-resources ay ang kakulangan ng impormasyon sa Filipino at limetasyon ng rsources para sa direktang pananaliksik". FGD-6 • "Limitado lamang ang mga makukuha mong impormasyon sa Filipino kay mostly English ang need… pagmotranslate pud ka stressful siya kay basahon pa nimo ug usab". IDI-4 • "So, para sa akin ay mahirap dahil... kuan, lisod siya kaytungod sence Filipino major ko, ang makuha nako na mga data na ingles nay uban words na wala jud siyay katumbas sa Filipino so chalinging jud kayo". FGD-4

	• "Para po sa akin is medyo nagkakaroon ng komplikasyon no, yong nga ibang ingles e-resources sapagkat ginasalin pa namo siya into Filipino. Subalit ang uban na mga resources is tricky like mo-translate mig form… ahh, naa me dapat isaalang-alang sa pagtranslate ani into Filipino". FGD-5
Pasasaalang ng Mananaliksik sa Pagkuha ng Datos Gamit ang English E-resources	• "Malaking tulong ang ingles e-resources sa aking pananaliksik, sapagkat natutulongan nito ang aking pananaliksik ng itoy mapadali at makakahanap ng mga impormasyon na nais i-angkop sa aking pag-aaral na nais kung matugunan". FGD-2 • "Sa aking…sa pagsasaalang sa aking pananaliksik… Amm, gumagamit ako ng mga salita o key word para mas mabilis kung makita ang mga impormasyon na kailangan kung kunin at gamitin sa aking pananaliksik ng sagayon ay hindi na ako mahihirapan pa". FGD-3 • "Kahit na nahihirapan ako minsan, nakakatulong parin ang e-resources sa aking pananaliksik sapagkat nandito na tayo ngayon sa 21st century na kung saan nasa paligid na natin parati ang teknolohiya. Nakakatulong ito na mas mapadali ang aking trabaho na nangangailangan ng madaliang pagpasa". IDI-6 • "Dapat nating isaalang-alang ang lawak ng ating kaalaman sa paggamit nito. Mahalaga na magkaroon tayo ng ideya kung paano ito gamitin upang hindi magkaroon ng problema sa hinarap". IDI-6
Kakulangan ng Kaalaman sa Pagsasalin	• "So, bilang isang mananaliksik ay nakita kung hadlang sa paggamit ng English e-resources sa pananaliksik ay yong mga salitang walang salin sa Filipino. Sa ganong pamamaraan ay mahirap siya para sa akin bilang isang mananaliksik dahil sa ganong mga salita is wala siyang katumbas". FGD-6 • "So, ang pinaka mahirap ay ang pagsasalin ng mga salita na mga ingles dahil hindi lahat, kasi lahat ng English na words ay may katumbas na salita sa Filipino". FGD-1 • "Bilang mananaliksik, ang pinakamahirap sa akin ay yong gaganitin ko na mga ideya na nakukuha ko sa English e-resources na kung saan kinakailangan kung isalin sa Filipino o kaya naman ay ang paggamit ko sa mga salita na hindi akma sa buong impormasyon". IDI-2 • "Ang mga paraan na aking ginawa upang maging mahusay ang pagsasalin ay kinukuha ko ang buong mensahe

	ng mga ideya at impormasyon at gumagamit din ako ng mga AI upang makatulong na mas mapabuti pa ang aking pagsasalin ng mga impormasyon mula sa englis e-resources". IDI-2

Ang apat na temang ito ang siyang pinanggagalingan ng mga naging karanasan ng mga mag-aaral sa pagsasalin ng mga datos na nakuha mula sa ingles na *resources* at maging sa paghahanap ng mga salitang panumbas sa wikang Filipino. Ang mga karanasang ito ang siyang bitbit ng mga mag-aaral habang nag-aaral, mapa-birtuwal na hapag man, sa mismong loob ng silid-aralan, o sa labas ng paaralan.

Hadlang sa Paglikom ng mga Datos Gamit ang *English E-resources*

Para sa mga kalahok na sumagot, isa sa mga hamong kanilang kinakaharap ay ang hadlang sa paglikom ng mga datos gamit ang *english e-resources*. Marami sa kanila ang nagbigay nang hinaing tungkol sa karanasang ito. Para sa sagot ni *Liwanag* (palayaw), nakita niyang naging kahinaan niya ang pagkakaroon ng kakulangan sa kaalaman at karanasa na siyang naging kanyang malaking hamon sa paglikom ng mga datos gamit ang english resources sa pananaliksik.

> *"*Bilang isang mag-aaral na may pananaliksik na ginagawa. Isa sa mga karanasan ko sa paggamit ng English na E-resources ay mas napapadali ang paghahanap ko ng mga literatura na siyang magagamit ko sa pananaliksik. Gayunpaman, mahirap parin sa parte, kung saan kinakailangan kung kunin ang mensahe sa kadahilanang kailangan ko pa itong isalin sa Filipino". *(*IDI-01*)*
> (Bilang isang mag-aaral na may pananaliksik na ginagawa. Isa sa mga karanasan ko sa paggamit ng English na E-resources ay mas napapadali ang paghahanap ko ng mga literatura na siyang magagamit ko sa pananaliksik. Gayunpaman, mahirap parin sa parte, kung saan kinakailangan kung kunin ang mensahe sa kadahilanang kailangan ko pa itong isalin sa Filipino)

Sa karagdagang sagot, nagpahayag din ng saloobin si *Rapido* (palayaw) sa problema niya patungkol sa kakulangan ng kaalaman sa paglikom ng mga datos gamit ang *English e-resources*. Ayon pa sa kanya, mahirap na hamon ito dahil minsan ay kinakailangan mo pang magbayad bago maka pasok sa mismong *site*.

> *"*Ang nakita kung hadlang sa paggamit nito ay ang…. Amm…mahirap hanapin ang mga Filipino words na nakasulat, kumbaga kailangan mo pa itong isalin sa English kaya mas marami ang lumabas na mga teksto na kailangan sa pananaliksik*"*. (IDI-03)
> (Ang nakita kung hadlang sa paggamit nito ay ang mahirap hanapin ang mga Filipino na salita na nakasulat, kumbaga kailangan mo pa itong isalin sa English kaya mas marami ang lumabas na mga teksto na kailangan sa pananaliksik.)

Nagdagdag din si *Buhawi* (palayaw) sa kanyang saloobin. Base pa sa naging sagot niya, hamon niyang maituturing ang kakulangan sa kaalaman at pagkakaroon ng limitadong bokabularyo dahil nahihirapan

siya lalo na sa paghahanap ng mga salita na may tamang panumbas na naging hadlang niya sa paggawa ng pananaliksik.

> "Ang dapat isaalang-alang ay kung ang sites o kung saan naggaling ang resources ay mapagkakatiwalaan ba at sakto kung ano ang hinahanap ko na *resources*". (IDI-05)
>
> (Ang dapat na isaalang-alang kung saang site ito nanggali o kung saan nanggaling ang mga datos na nakuha ay dapat itong mapagkakatiwalaan at kung akma ba ito sa hinahanap kung datos.)

Ayon naman kay *Ligaya* (palayaw) sa kanyang saloobin. Base din sa naging sagot nila, ang hamon na kaniyang maituturing ang kakulangan ng mga datos sa *English resources* na maiognay sa Filipino kaya nahihirapan siya lalo na sa paghahanap ng mga salita na may tamang panumbas na naging hadlang niya sa paggawa ng pananaliksik.

> "Okey, so… so sa Filipino man gud is wala kaayoy mga resource na… ay wala kaayoy daghan, na daghan na resources na marelate sa akong study and lisod pud jud siya, ang ingles e-resources kay dako kayo siyag tabang sa akoang pananaliksik *since* daghan kagmakuha na information didtoa na marelate jud nimo siya sa imong study*." (FGD-04)*
>
> *(*Filipino kasi, hindi gaanong karaming mga datos na pweding iugnay sa aking pananaliksik kaya mahirap. Sa ingles na mapagkukunan namay marami kang makukuhang mga datos kay malaki ang maitutulong nito sa ating pananaliksik*.)*

Limitadong Mapagkukunan ng Filipino Sources Mula sa *English* na *E-resources*

Isa ang pagkakaroon ng Limitadong Mapagkukunan ng Filipino *Sources* Mula sa *English* na *E-resources* sa naging tema ng unang pangunahing tanong sapagkat isa ito sa dahilan kung bakit mayroong limitadong mapagkukunan ng Filipino *sources* mula sa *english e-resources* na magagamit sa pagsalin ng isang teksto mula sa isang wika patungo sa isa pang wika at ito ay maaaring magresulta sa hindi ganap na makuha ang bawat punto na nais nakapaloob sa iyong pananaliksik o pagkakamali sa kahulugan ng orihinal na teksto kaya nahihirapan sa pagsasalin ng mga wika. Sa sagot ni *Tono* (palayaw), isa sa nakita niyang kahadlangan sa pananaliksik ay ang pagkakaroon ng limitadong mapagkukunang mga resources sa Filipino kaya nahihirapan sa pagkuha ng mga malinaw na salita kaya nahihirapan sa pagsasalin ng mga teksto.

> *"*So bilang mananaliksik, isa sa mga pinakamahirap bilang mananaliksik ng Filipino sa paggamit ng English e-resources ay ang kakulangan ng impormasyon sa Filipino at limetasyon ng rsources para sa diriktang pananaliksik". (FGD-6*)*
> (So bilang mananaliksik, isa sa mga pinakamahirap bilang mananaliksik ng Filipino sa paggamit ng English e-resources ay ang kakulangan ng impormasyon sa Filipino at limetasyon ng resources para sa diriktang pananaliksik.)

Sa karagdagang sagot, nagpahayag din ng saloobin si *Ligaya* (palayaw) sa problema niya patungkol sa pagkakaroon ng limitadong bokabularyo sa wikang Filipino. Ayon pa sa kanya, mahirap na hamon ito dahil may mga pahayag na hindi pwedeng isalin nang literal kung kaya't siya ay nahihirapan.

> *"*Limitado lamang ang mga makukuha mong impormasyon sa Filipino kay mostly English ang need… pagmotranslate pud ka *stressful* siya kay basahon pa nimo ug usab*"*. (IDI-04)
>
> (Limitado lang ang mga impormasyong makukuha kaya halos kalahatan ay sa English E-resources na kumukuha. Sa pagsasalin naman, babasahin mo pa ng paulit-ulit bago mo pa isalin.)

Iginiit din ni *Mayumi* (palayaw) na ang nakikita niyang kahadlangan sa kanyang sarili sa paghahanap ng mga datos sa *English resources* habang nagsasalin ay ang pagkakaroon talaga ng limitadong bokabularyo. Ayon pa sa kanya, nasusubok ang kanyang kakayahan sa paghahanap ng mga panumbas na salita sa pamamagitan ng paglalakbay sa pananaliksik gamit ang *english e-rsources.*

> *"*So, para sa akin ay mahirap dahil... kuan, lisod siya kaytungod sence Filipino major ko, ang makuha nako na mga data na ingles nay uban words na wala jud siyay katumbas sa Filipino so chalinging jud kayo*"*. *(FGD-04)*
>
> (So, para sa akin, mahirap bilang isang mag-aaral sa Filipino na gumagamit nga English resources sa paghahanap ng mga datos mula sa English resources na mga salita kataya't nasusubok ditto an gaming kakayanan.)

Nagdagdag din si *Hangin* (palayaw). Ayon sa kanya, isa ang pagkakaroon ng limitadong mapagkukunan ng impormasyon sa *English e-resources* na Filipino para sa pananaliksik sa kanyang naging kahadlangan sa pagkuha ng mga naaangkop na mga datos.

> *"*Para po saakin is medyo nagkakaroon ng komplikasyon no, yong nga ibang ingles *e-resources* sapagkat gina salin panama siya into Filipino. Subalit ang uban na mga resources is tricky like mo-translate mig form… ahh, naa me dapat isaalang-alang sa pagtranslate ani into Filipino*"*. *(FGD-05*)
>
> (Para po sa akin, medyo nagkakaroon ng komplikasyon. Yong ibang ingles *e-resources* sapagkat sinasalin pa ito patungong Filipino. Subalit ang ibang mga resources ay nakakalito, halimbawa nalang ita-translate pa naming ito at maraming datap isaalang-alang bago pa namin maisasakatuparan ang pagsasalin.)

Karanasan ng mananaliksik sa Paglikom ng mga Datos Gamit ang *English* na *E-resources*

Isa ang karanasan sa paghahanap ng datos gamit ang *English resources* tungo sa Filipino sa naging tema ng unang pangunahing tanong sapagkat isa ito sa dahilan na siyang nag-uudyok sa mga mag-aaral na mas mahirapan pa sa kanilang ginagawang pananaliksik ng mga akademikong pananaliksik. Sa sagot ni

Liwanag (palayaw), nahihirapan siya sa mga pagkalap ng mga datos gamit ang *English resources* na walang katumbas talaga sa Filipino.

> "Malaking tulong ang ingles e-resources sa aking pananaliksik, sapagkat natutulongan nito ang aking pananaliksik ng itoy mapadali at makakahanap ng mga impormasyon na nais i-angkop sa aking pag-aaral na nais kung matugunan". (FGD-02*)*
>
> (So, mahirap talagang isalin ang mga salita mula sa Ingles hanggang sa Filipino, nahihirapan ako sa mga malalalim na salita na walang katumbas talaga sa Filipino kung gayon ay akin itong hinihiram at itina-*type* o isinusulat nang pahilis upang bigyang diin na ito ay hiniram at hindi ito isinalin.)

Dumagdag naman si *Rapido* (palayaw) sa saloobin na ibinahagi ni *Liwanag* (palayaw). Saad pa niya, kaya siya ay nahihirapan sa paghahanap sa tamang panumbas ay diumano hindi niya forte ang wikang Ingles. Dagdag pa niya, ang isang salita sa Ingles ay maaaring magkaroon ng maraming kahulugan sa wikang Filipino.

> *"*Sa aking… sa pagsasaalang sa aking pananaliksik… Amm, gumagamit ako ng mga salita o key word para mas mabilis kung makita ang mga impormasyon na kailangan kung kunin at gamitin sa aking pananaliksik ng sagayon ay hindi na ako mahihirapan pa". (FGD-*03)*
> (Sa akin, sa pagsasaalang-alang sa aking pananaliksik ay gumagamit ako ng mga salita o *key word* para mas mabilis kung Makita ang mga impormasyon na kailangan kung kunin at gamitin sa aking pananaliksik ng sagayon ay hindi na ako mahihirapan pa.)

Sa karansan din umano si *Panatag* (palayaw) na ang paghahanap ng mga datos mula sa *English* na resources ay hindi madaling makuha ang pagsasalin nito sa Filipino. Hindi naging madali ang pananaliksik lalo na bilang mananaliksik ay may kaalaman ka sa pagkalap ng mga datos. Pinagdiinan niyang sa kanyang kalagayan ay hindi siya gaanong magaling sa paggamit ng *English na E-resources*.

> "Kahit na nahihirapan ako minsan, nakakatulong parin ang *e-resources* sa aking pananaliksik sapagkat nandito na tayo ngayon sa *21st century* na kung saan nasa paligid na natin parati ang teknolohiya. Nakakatulong ito na mas mapadali ang aking trabaho na nangangailangan ng madaliang pagpasa*". IDI-6*
>
> (Kahit na nahihirapan ako minsan, nakakatulong parin ang e-resources sa aking pananaliksik sapagkat nandito na tayo ngayon sa 21st century na kung saan nasa paligid na natin parati ang teknolohiya. Nakakatulong ito na mas mapadali ang aking trabaho na nangangailangan ng madaliang pagpasa.)

Sambit naman *Lakbay* (palayaw) na isang mapaghamon na karanasan ang pagsasalin sapagkat may mga salita sa Ingles na mahirap talagang hanapan ng mga panumbas na salita sa Filipino. May pagkakataon na naiiba na ang kahulugan sa mismong pahayag at hindi na ito nagiging sakto.

> "Dapat nating isaalang-alang ang lawak ng ating kaalaman sa paggamit nito. Mahalaga na magkaroon tayo ng ideya kung paano ito gamitin upang hindi magkaroon ng problema sa hinarap*". (IDI-06)*
>
> (Dapat nating isaalang-alang ang lawak ng ating kaalaman sa paggamit nito. Mahalaga na magkaroon tayo ng ideya kung paano ito gamitin upang hindi magkaroon ng problema sa hinarap.)

Kakulangan ng Kaalaman sa Pagasalin

Sa bawat salita at pananalita, ang pagsasalin ay hindi lamang simpleng gawain ng paglilipat ng mga teksto mula sa isang wika patungo sa isa pang wika. Ito ay isang masalimuot na proseso na nagtutulak sa atin na suriin ang kahulugan, kultura, at konteksto sa likod ng mga salita. Sa pagsasalin, ang mga alituntunin ng bawat wika ay nagbabangga, anupa at nagiging sining at tungkulin ng tagasalin na balansuhin ang kahusayan at katumpakan. Sa bawat hakbang, ang pagsasalin ay nagbibigay-daan sa pagpapalawak ng karanasan at pang-unawa sa iba't ibang kultura at pananaw.

Sa naging karanasan ni *Salamin* (palayaw), hindi naging madali ang pagsasalin lalo na sa pagbuo ng mga terminolohiya o pag-angkop ng mga salita na kung saan ay maaaring maging isang malaking hamon sa pagsasalin ng mga salita.

> "So, bilang isang mananaliksik ay nakita kung hadlang sa paggamit ng English e-resources sa pananaliksik ay yong mga salitang walang salin sa Filipino. Sa ganong pamamaraan ay mahirap siya para sa akin bilang isang mananaliksik dahil sa ganong mga salita is wala siyang katumbas". (FGD-06)
>
> (So, bilang isang mananaliksik ay nakita kung hadlang sa paggamit ng English e-resources sa pananaliksik ay yong mga salitang walang salin sa Filipino. Sa ganong pamamaraan ay mahirap siyang para sa akin bilang isang mananaliksik, dahil sa ganoong mga salita ay wala siyang katumbas.)

Sinuportahan naman ni *Payaso* (palayaw) ang kanyang unang sinabi na ayon pa sa kanya, ang mga salitang teknikal na kailangan sa akademikong pagsasalin ay hindi gaanong kilala na kung saan ay maaaring magdulot ng hamon sa proseso ng pagsasalin.

> *"*So, ang pinaka mahirap ay ang pagsasalin ng mga salita na mga ingles dahil hindi lahat, kasi lahat ng English na words ay may katumbas na salita sa Filipino*."* (FGD-01)
>
> (So, ang pinaka mahirap ay ang pagsasalin ng mga salita na mga ingles dahil hindi kasi lahat ng *English* na salita ay may katumbas na salita sa Filipino.)

Nabanggit din ni *Tono* (palayaw) na naging isang mapaghamong karanasan sa kanyang pananaliksik ang pagsasalin sa kadahilang hindi siya gaanong maalam sa pagsasalin lalo na sa wikang Filipino.

> "Bilang mananaliksik, ang pinakamahirap sa akin ay yong gaganitin ko na mga ideya na nakukuha ko sa *English e-resources* na kung saan kinakailangan kung isalin sa Filipino o kaya naman ay ang paggamit ko sa mga salita na hindi akma sa buong impormasyon. IDI-2
> (Bilang mananaliksik, ang pinakamahirap sa akin ay yong paganitin ko na mga ideya na nakukuha ko sa English e-resources na kung saan kinakailangan kung isalin sa Filipino o kaya naman ay ang paggamit ko sa mga salita na hindi akma sa buong impormasyon.)

Ayon din sa nabanggit ni Hingal (palayaw) na bilang isang mahusay na tagapagsalin ay may kaalaman sa pagpili ng mga impormasyong nakuha mula sa *English resources* patungo sa Filipino.

> "Ang mga paraan na aking ginawa upang maging mahusay ang pagsasalin ay kinukuha ko ang buong mensahe ng mga ideya at impormasyon at gumagamit din ako ng mga *AI* upang makatulong na mas mapabuti pa ang aking pagsasalin ng mga impormasyon mula sa englis e-resources." (IDI-02)
> (Ang mga paraan na aking ginawa upang maging mahusay ang pagsasalin ay kinukuha ko ang buong mensahe ng mga ideya at impormasyon at gumagamit din ako ng mga *AI* upang makatulong na mas mapabuti pa ang aking pagsasalin ng mga impormasyon mula sa englis e-resources.)

Ikalawang Katanungan sa Pananaliksik: Paano napagtagumpayan ang hamon na kinakaharap ng mga mananaliksik gamit *English* na *E-reources*?

Sa pag-aaral na ito, upang masagot ang tanong na ito, isinagawa ang mas malalim na panayam sa mga kalahok batay sa kanilang pagkakasunod-sunod. Ibig sabihin, maraming mga sumunod-sunod na katanungan ang itinanong upang mas maunawaan ang kanilang mga karanasan hinggil sa pagsasalin ng mga akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino.

Talahanayan 3
Pagtagumpayan ang hamon na kinakaharap ng mga mananaliksik gamit *English* na *E-reources*

Mga Pangunahing Tema	Pansuportang Pahayag
Malaking Ambag ng English E-resources sa Pananaliksik	• "Malaking tulong ang ingles e-resources sa aking pananaliksik, sapagkat natutulongan nito ang aking pananaliksik ng itoy mapadali at makakahanap ng mga impormasyon na nain iangkop sa aking pag-aaral na nais kung matugunan". FGD-2 • "Amm… dispete sa kalisod na isalin ang mga ingles e-resources ahh… dako siyag tabang sa akong part kay mostly sakong study kay sa ingles resources siya naga relay, didto mas daghan information na akong makuha nga related sa akong study". FGD-3 • "Ahh… para sakin malaking tulong or malakig ambag ang ingles e-resources sa aking pananaliksik dahil madali akong makakalap ng mga impormasyon katulad ng mga new article or new author ditto". FGD-6

	• "Napakahalaga na maging maalam sa paggamit ng English e-resources sapagkat magagamit mo ito hindi lamang sa pananaliksik, pati narin sa pangaraw-araw". IDI-1
Masusing Pagpili ng mga Mahahalagang Impormasyon Mula sa English E-resources	• "Bilang mananaliksik, natutuhan ko na mahalaga talaga ang paggamit ng English e-resources sapagkat nakakatulong ito sa atin na makakakuha ng mga impormasyon at mga ideya. Natutuhan ko rin na mahalagang may alam ka sa paggamit nito". IDI-2 • "Sa pamamagitan sa pagbasa ug tarong sa mga gi-translate sa e-resources aron ma sure nga sakto ang pahayag ug mao gihaponang meaning sa akong gi translate". IDI-4 • "Pagkuha sa diwa o mensahe nito at isalin sa Filipino. Maaari ko rin naming isa-isahin ang mga salita ngunit mas mainam parin ang pagkuha ng diwa nito upang hindi mabago ang estruktura at mensaheng gusting ipabatid". IDI-6 • "Hindi ako lagi umaasa sa mga app na kayang isalin ang nais ng iyong pananaliksik. Kung kaya't sinusuri ko at nirerebisa ko muna ang mga isasalin upang angkop at maayos parin ang diwa na nais nitong iparating". IDI-7
Pagsasaalang-alang sa Paglikom ng mga Datos Gamit ang English E-reources	• "Isa sa kailangang isaalang-alang sa paggamit ng English e-resources ay dapat maalam ka sa inles dahil kapag isasalin mon a ito sa Filipino ay hindi ka mahihirapan pa". IDI-1 • "So para sa akin noh, para mapagtagumpayan yong hamon na kinakaharap sa paggamit ng English e-resources ay syempre gagamit ako ng katuwang o gagamit ako ng reliable na reseach enggin upang matugonan yong mga hinahanap kung impormasyon para maiangkop koi to sa aking pananaliksik". FGD-2 • "Isa sa pamamaraan ko upang mapagtagumpayan ang hamon na kinakaharap sa paggamit ng English e-resources is gumagamit ako ng keywords upang mas madali ko lang matukoy o mas madaling mahap yong mga impormasyon na nais kung malaman". FGD-6 • "So maraming mga hadlang noh, sa paggamit ng English e-resources, pero parasaakin isa na rito yong English words na mahirap isalin sa Filipino. So, ito yong hadlang sa pagkuha ko ng mga impormasyon na gagamitinn sa aking pananaliksik". FGD-4
	• "Bilang isang mananaliksik, isinasaaalang-alang ko ang mga impormasyon at mga ideya na mas kapakipakinabang sa aking pag-aaral. Mas isinasaalang-

Pagsasaalang-alang ng Kridibilidad ng mga Impormasyong Nakuha Mula sa English E-resources	alang ko ang mga ideya at mga impormasyon na kung saan mas may silbi sa aking pananaliksik". IDI-2 • "Bilang isang mananaliksik nakakatulong ang English e-resources sa akin sapagkat mas marami akong nakukuha na impormasyon na kung saan mas napapadali sa akin. Nakakatulong din ito na mas mapabuti ang aking paraan ng pagkuha ng mas akmang ideya at mga impormasyon". IDI-2 • "Para naman sa akin, is gumagamit ako ng mga iba't-ibang mga application mga websites na nakatutulong sa akin upang makuha, matukoy ang mga mismong punto ng mga nakukuha ko sa online. Nakatutulong ito para sa akin sa paghahanap ng mga kahulugan na bagay sa aking pag-aaral". FGD-5 • "Upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa paggamit ng ingles e-resources para makuha rin ang saktong impormasyon ay sinusuri ko munakung may kridibilidad ba ang sources na aking nasaliksik". FGD-6

Ang apat na temang ito ang siyang naging kaparaanan ng mga partisipante upang malagpasan ang mga hamong kanilang nakikitang malaking ambag ng *English* na *e-resources* sa pananaliksik at maging sa paghahanap ng mga salitang panumbas sa wikang Filipino. Ang mga kaparaanang ito ang siyang bitbit nila palagi upang mas marami pang matutuhan at para na rin maging isang mag-aaral na may kaalaman sa pagsasalin ng mga akademikong pananaliksik mula Ingles tungo sa Filipino.

Nakikita ang Malaking Ambag ng *English* na *E-resources* sa Pananaliksik

Sa panahon ngayon, ang teknolohiya ay nag-aalok ng mga kasangkapan na nakapagbibigay-saliksik at nakaahon sa mga yugto ng kasaysayan. Isa sa mga teknolohiyang ito ay ang machine translation o pagsasalin sa pamamagitan ng makina. Ang ganitong uri ng teknolohiya ay nagbibigay-daan sa mabilisang pagsalin ng mga teksto mula sa isang wika patungo sa isa pang wika, nang hindi na kinakailangan ang agarang interbensyon ng tao.

Subalit sa kabila ng pag-unlad ng *machine translation*, mayroon itong mga hangganan at limitasyon. Hindi ito perpekto at madalas na nagreresulta sa mga hindi tumpak na pagsasalin, pagkakamali sa gramatika, at kawalan ng pag-unawa sa konteksto ng orihinal na teksto. Ayon pa nga sa sinabi ni *Rapido* (palayaw), isa sa paraan na kanyang ginagamit sa pagsasalin ay ang paggamit ng *translation devices* na kung saan ay mas mapapadali ang kanyang ginagawang pagsasalin.

> *"*Malaking tulong ang ingles *e-resources* sa aking pananaliksik, sapagkat natutulongan nito ang aking pananaliksik ng itoy mapadali at makakahanap ng mga impormasyon na maiaangkop sa aking pag-aaral na nais kung matugunan*." (FGD-02)*
>
> (Malaking tulong ang ingles e-resources sa aking pananaliksik, sapagkat natutulongan nito ang aking pananaliksik ng itoy mapadali at

> makakahanap ng mga impormasyon na maiaangkop sa aking pag-aaral na nais kung matugunan.)

Nagdagdag naman si *Panatag* (palayaw) tungkol sa sentimento niya sa paggamit ng *machine translator*. Ani niya, kapag hindi na talaga kayang tumbasan sa wikang Filipino ang wikang Ingles ay gumagamit na siya ng *Google Translate,* ngunit sinisigurado niya na hindi literal ang maging salin nito at kinakailangan na ito ay iwasto sa pamamagitan ng paghahanap ng mga kasingkahulugan na salita.

> "Amm… dispete sa kalisod na isalin ang mga ingles *e-resources* ahh… dako siyag tabang sa akong part kay mostly sakong study kay sa ingles resources siya naga relay, didto mas daghan information na akong makuha nga related sa akong study. FGD-*3*
>
> (Sakabila kabila ng mahirap na isalin ang mga impormasyon mula sa English resources, malaking tulong ito sa aking parti sapagkat halos lahat ng aking pag-aaral ay nagmula sa englis resources naka basi, duon kasi mas maraming mga impormasyon ang aking makukuha na may kaugnay sa aking pag-aaral.)

Malaki ang ambag ng *English e-reources* sa ginagawang pananaliksik ng mga mag-aaral kung kaya ay nagbahagi si *Tono* (palayaw) ng kanyang sagot. Malaking ambag ang *English e-resources* pa rin na ang pagsasaayos ng aking pananaliksik.

> *"*Ahh… para sakin malaking tulong or malakig ambag ang ingles e-resources sa aking pananaliksik dahil madali akong makakalap ng mga impormasyon katulad ng mga new article or new author ditto. "FGD-*6*
> (P*ara* sakin malaking tulong o malakig ambag ang ingles e-resources sa aking pananaliksik dahil madali akong makakalap ng mga impormasyon katulad ng mga bagong artikulo o bagong author ditto.)

Para naman kay *Ligaya* (palayaw), na kapag hindi na niya talaga kinakaya ang pagsasalin dahil may mga salitang malalalim sa wikang Ingles ay gumagamit na siya ng *translator*, ngunit ito ay kanyang pinapaliwanag nang detalyado upang mas malinaw at makuha niya ang ibig ipakahulugan ng teksto.

> "Napakahalaga na maging maalam sa paggamit ng English e-resources sapagkat magagamit mo ito hindi lamang sa pananaliksik, pati narin sa pangaraw-araw." (IDI-01)
>
> (Napakahalaga na maging maalam sa paggamit ng English e-resources sapagkat magagamit mo ito hindi lamang sa pananaliksik, pati narin sa pangaraw-araw.)

Masusing Pagpili ng mga Mahahalagang Impormasyon Mula sa *English* na *E-resources*

Ang pag-unawa sa pangunahing kaalaman sa paglikom ng mga datos ay isang mahalagang hakbang sa paggawa ng pananliksik. Ito ay nangangahulugang hindi lamang pagtutok sa mga nakuha mula sa *English resources* patungo sa pagsasalin, kundi pag-unawa sa kahulugan, mensahe, at layunin ng orihinal na datos.

Sa ganitong paraan, Ani pa nga ni *Hiyas* (palayaw) ang pag-unawa sa pangunahing diwa ay nagiging pundasyon ng isang epektibong pananaliksik, na naglalayong maghatid ng tamang mensahe at kahulugan sa mga mambabasa sa ibang wika.

> *"*Bilang mananaliksik, natutuhan ko na mahalaga talaga ang paggamit ng English e-resources sapagkat nakakatulong ito sa atin na makakakuha ng mga impormasyon at mga ideya. Natutuhan ko rin na mahalagang may alam ka sa paggamit nito*." (IDI-02)*
>
> (Bilang mananaliksik, natutuhan ko na mahalaga talaga ang paggamit ng English e-resources sapagkat nakakatulong ito sa atin na makakakuha ng mga impormasyon at mga ideya. Natutuhan ko rin na mahalagang may alam ka sa paggamit nito.)

May sabi naman si *Ligaya* (palayaw) tungkol sa pag-unawa. Wika pa niya, inuuna niya munang unawain ang tekstong Ingles pagkatapos ay maghahanap ng mga salitang may malapit na katumbas sa Filipino. Binanggit din niya ang pagkuha ng pangunahing diwa ang kanyang ginagawa sa pagsasalin ng mga akademikong teksto.

> "Sa pamamagitan sa pagbasa ug tarong sa mga gi-translate sa e-resources aron ma sure nga sakto ang pahayag ug mao gihaponang meaning sa akong gi translate*." (IDI-4*)
>
> (Sa pamamagitan sa pagbabasa ng maigi sa mga isinalin mula sa e-resources ay makakasiguro ka na sakto ang paghahayag ng mga impormasyon at hindi mababago ang nilalaman ng teksto na iyong isinasalin.)

Upang mas mapadali ang pananaliksik, ang pag-unawa sa pangunahing diwa ang nakitang paraan ni *Hangin* (palayaw). Sabi pa niya, isinasaayos niya muna ang diwa ng pangungusap at kanyang sinusubukang isalin ayon sa kanyang sariling pag-unawa.

> "Pagkuha sa diwa o mensahe nito at isalin sa Filipino. Maaari ko rin naming isa-isahin ang mga salita ngunit mas mainam parin ang pagkuha ng diwa nito upang hindi mabago ang estruktura at mensaheng gustong ipabatid." (IDI-06)
>
> (Pagkuha sa diwa o mensahe nito at isalin sa Filipino. Maaari ko rin naming isa-isahin ang mga salita ngunit mas mainam parin ang pagkuha ng diwa nito upang hindi mabago ang estruktura at mensaheng gustong ipabatid.)

May sabi naman si *Payaso* (palayaw) tungkol sa pag-unawa. Wika pa niya, inuuna niya munang unawain ang tekstong Ingles at nakabatay lang sa mga salin gamit ang teknolohiya pagkatapos ay maghahanap ng mga salitang may malapit na katumbas sa Filipino. Binanggit din niya ang pagkuha ng pangunahing diwa ang kanyang ginagawa sa pagsasalin ng mga akademikong teksto.

> "Hindi ako lagi umaasa sa mga app na kayang isalin ang nais ng iyong pananaliksik. Kung kaya't sinusuri ko at nirerebisa ko muna ang mga isasalin upang angkop at maayos parin ang diwa na nais nitong iparating." (IDI-07)

(Hindi ako lagi umaasa sa mga aplikasyon na kayang isalin ang nais ng iyong pananaliksik. Kung kaya't sinusuri ko at nirerebisa ko muna ang mga isasalin upang angkop at maayos parin ang diwa na nais nitong iparating.)

Katumpakan sa Paglikom ng mga Datos Gamit ang Iba-Ibang Pamamaraan sa Pagsasaliksik

Sa pagitan ng dalawang magkaibang wika, ang pagsasalin ay nagiging tulay na nagpapabilis ng komunikasyon at nagbubukas ng mga pinto patungo sa mga iba-ibang kaalaman. Ayon pa nga sa pahayag ni *Hingal* (palayaw), ang pagbibigay ng oras at pagsisikap ang kanyang naging kaparaanan upang maging epektibo ang kanyang pagsasalin.

> "Isa sa kailangang isaalang-alang sa paggamit ng English e-resources ay dapat maalam ka sa inles dahil kapag isasalin mon na ito sa Filipino ay hindi ka mahihirapan pa*". (IDI-01*)
>
> (Isa sa kailangang isaalang-alang sa paggamit ng English e-resources ay dapat maalam ka sa inles dahil kapag isasalin mon na ito sa Filipino ay hindi ka mahihirapan pa.)

Ayon naman kay *Payaso* (palayaw), sa pamamagitan ng pagkakaroon ng oras sa paghahanap nga mga dato ay masisiguro mong may kridibilidad at angkop ang mga datos na nakalap at mas napapabuti ang kakayahan sa pagsasalin ang English e-resources sa mga akademikong pananaliksik mula Ingles tungo sa Filipino.

> "So para sa akin noh, para mapagtagumpayan yong hamon na kinakaharap sa paggamit ng *English e-resources* ay syempre gagamit ako ng katuwang o gagamit ako ng reliable na reseach enggin upang matugonan yong mga hinahanap kung impormasyon para maiangkop koi ito sa aking pananaliksik*." (*FGD-2)
> (So para sa akin noh, para mapagtagumpayan yong hamon na kinakaharap sa paggamit ng *English e-resources* ay syempre gagamit ako ng katuwang o gagamit ako ng reliable na reseach enggin upang matugonan yong mga hinahanap kung impormasyon para maiangkop ko ito sa aking pananaliksik.)

Para naman kay *Mayumi* (palayaw), ang pagbabalanse ng oras ang kanyang ginawang aksyon. Kapag ka siya ay gumagawa ng kanyang pag-aaral ay talagang nilalaanan niya ito ng sapat na oras sapagkat ang kanyang layunin ay makabuo nang maayos na pag-aaral.

> "Isa sa pamamaraan ko upang mapagtagumpayan ang hamon na kinakaharap sa paggamit ng *English e-resources* is gumagamit ako ng keywords upang mas madali ko lang matukoy o mas madaling mahap yong mga impormasyon na nais kung malaman." (FGD-6)
>
> (Isa sa pamamaraan ko upang mapagtagumpayan ang hamon na kinakaharap sa paggamit *ng English e-resources* ay gumagamit ako ng

keywords upang mas madali ko lang matukoy o mas madaling mahap yong mga impormasyon na nais kung malaman.)

Para naman kay *Ligaya* (palayaw), na ang katumpakan sa paglikom ng mga datos ay may malakin ipikto sa mga nakuha mong impormasyon upang madali mo nalamang itong isalin at malaman kung ito ba ay akmang datos para sa inyong pananaliksik

> "So maraming mga hadlang noh, sa paggamit ng *English e-resources*, pero parasaakin isa na rito yong English words na mahirap isalin sa Filipino. So, ito yong hadlang sa pagkuha ko ng mga impormasyon na gagamitinn sa aking pananaliksik." (FGD-4)
> (So maramingmga hadlang sa paggamit ng *English e-resources*, subalit parasaakin isa na rito yong ingles na salita na mahirap isasalin sa Filipino. So, ito yong naging sa pagkuha ko ng mga impormasyon na gagamitin sa aking pananaliksik.)

Pagsusuri sa Kridibilidad ng mga Impormasyong Nakuha Mula sa *English na E-resources*

Sa panahon ng digital na kabihasnan, ang *Internet* ay nagiging isang makapangyarihang kasangkapan sa proseso ng pananaliksik. Gayunpaman, mahalaga pa rin na maging maingat sa paggamit ng *internet* bilang sanggunian sa pananaliksk. Para sa sagot ni *Buhawi* (palayaw), ang kanyang naging teknik upang malampasan ang pagsubok sa pananaliksik gamit ang *English resources* ay ang paghahanap ng karagdagang impormasyon sa *internet*.

> "Bilang isang mananaliksik, isinasaaalang-alang ko ang mga impormasyon at mga ideya na mas kapakipakinabang sa aking pag-aaral. Mas isinasaalang-alang ko ang mga ideya at mga impormasyon na kung saan mas may silbi sa aking pananaliksik." (IDI-2)
>
> (Bilang isang mananaliksik, isinasaaalang-alang ko ang mga impormasyon at mga ideya na mas kapakipakinabang sa aking pag-aaral. Mas isinasaalang-alang ko ang mga ideya at mga impormasyon na kung saan mas may silbi sa aking pananaliksik.)

Sa karagdagang sagot, nagpahayag din ng saloobin si *Tono* (palayaw) sa kanyang karanasan sa paghahanap ng karagdagang datos para sa pananaliksik gamit an gang *English e-resources*. Ayon pa sa kanya, ginagamit niya ang internet at mga online na mapagkukunan na may kaugnayan sa kanyang pananaliksik dahil sa pamamagitan nito ay mas nakakakuha siya ng mga kaugnay na datos parsa sa pananaliksik.

> *"*Bilang isang mananaliksik nakakatulong ang *English e-resources* sa akin sapagkat mas marami akong nakukuha na impormasyon na kung saan mas napapadali sa akin. Nakakatulong din ito na mas mapabuti ang aking paraan ng pagkuha ng mas akmang ideya at mga impormasyon.*"* *(IDI-2*)

(Bilang isang mananaliksik nakakatulong ang *English e-resources* sa akin sapagkat mas marami akong nakukuha na impormasyon na kung saan mas napapadali sa akin. Nakakatulong din ito na mas mapabuti ang aking paraan ng pagkuha ng mas akmang ideya at mga impormasyon.)

Iginiit din ni *Mata* (palayaw) na may mga tekstong mahirap talagang isalin. Ayon pa sa kanya, naghahanap siya ng mga karagdagang impormasyon sa internet na kung saan ay kanyang hinimay-himay ang mga kahulugan kung ito ba ay naaangkop o hindi.

*"*Para naman sa akin, is gumagamit ako ng mga iba't-ibang mga application mga websites na nakatutulong sa akin upang makuha, matukoy ang mga mismong punto ng mga nakukuha ko sa online. Nakatutulong ito para sa akin sa paghahanap ng mga kahulugan na bagay sa aking pag-aaral." (FGD-05*)*

(Para naman sa akin, gumagamit ako ng mga iba-ibang mga application mga websites na nakatutulong sa akin upang makuha, matukoy ang mga mismong punto ng mga nakukuha ko sa online. Nakatutulong ito para sa akin sa paghahanap ng mga kahulugang nababagay sa aking pag-aaral.)

Inuugnay din ni *Mayomi* (palayaw) upang maging matagumpay ang paggamit ng *English e-resources* ay ang kasanayan sa pagsusuri ng mga impormasyong nakalap. Ayon pa sa kanya, naghahanap siya ng mga karagdagang impormasyon sa internet na kung saan ay kanyang hinimay-himay ang mga kahulugan kung ito ba ay naaangkop o hindi.

"Upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa paggamit ng ingles *e-resources* para makuha rin ang saktong impormasyon ay sinusuri ko muna kung may kridibilidad ba ang sources na aking nasaliksik." (FGD-6)

(Upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa paggamit ng ingles *e-resources* para makuha rin ang saktong impormasyon ay sinusuri ko muna kung may kridibilidad ba ang sources na aking nasaliksik.)

Pangatlong Tanong sa Pananaliksik: Ano-ano amg karanasan na maaaring maibahagi sa sususnod na mananaliksik ng Filipino gamit ang *English na e-resources*

Sa pag-aaral na ito, upang matugunan ang katanungang ito, isinagawa ang mas detalyadong panayam sa mga kalahok base sa kanilang pagkakasunod-sunod. Samakatuwid, maraming serye ng mga katanungan ang ibinato upang mas maunawaan ang kanilang mga pagsusuri at pananaw hinggil sa kanilang mga karanasan sa pananaliksik gamit ang *English e-resources* bilang mag-aaral sa Filipino. Sa ganitong paraan, mas mabibigyang linaw ang kanilang mga karanasan at magbahagi ng kaalaman ukol sa kanilang repleksiyon sa pananaliksik.

Talahanayan 4
Pagbabahagi ng Karansan sa Susunod na Mananaliksik sa Filipino na Gumagamit ng *English E-resources*

Mga Pangunahing Tema	Pansuportang Pahayag
Responsibilidad sa Pagpili ng Impormayon Mula sa English E-resources	• "Maging maingat, maging responsible at alamin ang limitasyon sa paggamit ng English e-resources". IDI-1 • "Para sa akin, mahalaga na mas maalam ka sa paggamit nito upang maiwasan mong makakuha ng maling impormasyon at dapat maalamka rin sa pagsuri ng mga e-resources na makakatulong sa iyong pag-aaral". IDI-2 • "Dapat sila ay huwag maniwala agad kung ano ang nakukuha nila sa internet". IDI-5 • "Isasa paraan na aking maibahagi ay gumamit ng website o resources na mapagkakatiwalaan upang angkop ang mga impormasyong makalap". IDI-6
Pamamaraan sa Paglikom ng Impormasyon Gamit ang English E-reources	• "Ang pamamaraan na gusto kung ibahgi ay gumamit ng Chat GPT s paghahanap ng mga salita o key words at basahin itong mabuti". IDI-3 • "Basahin ang kabuoang impormasyon at hanapin o ibigay ang kabuoang mensahe. Gamit lamang ang impormasyong kailangan sa ginagwang pananaliksik at maging maalam". IDI-1 • "Amm… para sa akin, malaking tulong or maliking ambag ang ingles e-resources sa aking pananaliksik dahil ahh… madali akong makakalap ng mga impormasyon katulad ng mga new article or new author ditto. Yon lang po at marming salamt". FGD-6 • "Gaya din sa kanila, dapat isaalang-alang yong mga salita or gagamit ka ng mga key words para mas madaling makuha yong gusto mong resources na angkop sa gagamitin sa iyong pananaliksik. So, kinakailangan na maging tama yong mga

	salita na gagamitin mo sa pananaliksik". FGD-4
Kahalagahan ng Pagbabasa sa Pagpapalawak ng Kaalaman	• "So, ang ako lang jud ma-advice, don't stop reading dahil mula gyud sa pagbabasa at pag-unawa ng teksto, diyan magsisimula ang ating kaalaman kung paano wastong isalin ang mga teksto"-IDI-01 • "So, sa pamamagitan ng pagbabasa o pagbibigay halaga sa panitikan at literature, of course mas mapapadali para sa atin ang pagsasalin sapagkat marami na tayong alam na mga wika"-FGD-03 • "Ang kahalagahan ng pagbasa. Isa ito sa mga aspeto na mahalaga sa pagsasalin dahil ito ay nangangailangan ng intensibong pagbabasa. Kakailanganin din na intindihin ang binabasa."-FGD-05 • "Kaya, ang pinakamabisang paraan para maiwasan ang mga hamon na ito ay ang pagbabasa na may kaakibat na pag-unawa."-FGD-05 • "Para sa mga kapwa ko mag-aaral, maging gawi niyo sana ang pagbabasa at pagpapalawak sa inyung kaalaman"-FGD-06
Pasusuri sa mga Piling Impormasyon Mula sa	• "Ahh… hindi ako tumitigil sa paghahanap ng mga impormasyon patungkol sa aking pananaliksik, gumagamit ako ng iba't-ibang website upang makita ang aking hinahanap para sa aking pananaliksik". FGD-1 • "Bilang isang mananaliksik, ang nakikita kung hadlang sa paggamit ng English e-resources ay ang yong marming mga ideya at impormasyon na lumabas kaya nahihirapan akong pumili ng mga impormasyon at mga ideya na makakatulong sa aking pag-aaral". IDI-2 • "Sinuri ko ito ng maayos at ginamit ko ang mga angkop na salita na tatapat sa salitang English at pagkatapos ay nag-

English E-resources	duble check para mas maging maayos ito". IDI-3 • "Isa sa naging paraan ko ay hindi aasa lang sa E-resources at bigyang-tuon din ang iba pang pagkukuhanan ng impormasyon, maaaring pupunta sa library upang madagdagan pa at punan ang kulang na impormasyong nakalap". IDI-6
Malalim na Pasusuri Tunggo sa Matagumpay na Pagsasalin	• "Maraming pamamaraan na aking ginawa upang maging mahusay sa pagsasalin, una, kapag nakakuha na ako o nakakita na ako ng resources mula sa English ay sinusulat ko ito sa isang papel at isasalin koi to bawat letra amm… bago pala iyon iniintindi ko muna kung ano ang ibig sabihin ng aking isasalin". FGD-3 • "So, ginasabot sa nako daana ng iyang meaning tapos try nako og translate gamit ang google translate tapos edit-edit sa mga words na angkop sa sentence". FGD-1 • "Aking isinusulat muna s aking notes sa telepono at tina-type ko sa word at i-connect online upang makita kung alin ang maling baybay at minsan nagtatanong din ako sa aking kapwa mag-aaral". IDI-5 • "Ang maibabahagi ko lang no, ay maging masinop, maalam at hindi dapat lahat ng Gawain ay iaasa sa e-resources dahil kailangan niyo rin asahan ang sariling kakayahan na walang pagdedepende sa isang kagamitan". IDI-6

Ang apat na temang ito ang siyang napagtanto ng mga partisipante sa karanasang maaaring maibahagi ng mananaliksik sa susunod pang mananaliksik at maging sa paghahanap ng mga datos ay kinakailangang may mataas na pagkaunawa sa bawat detalye at mabusising pagsusuri sa bawat impormasyong makukuha mula sa *English E-resources*. Ang mga kaparaanang ito ang siyang bibitbitin nila palagi upang malagpasan ang mga suliraning kanilang kinakaharap at kakaharapin pa sa paghahanap ng tamang paghahanap ng mga tamang datos para sa isinasagawang pananaliksik na may katumpakan sa mga datos na nakalap.

Maging Masinop sa Pagpili ng Impormayon Mula sa *English E-resources*

Kahalagahan ng *English E-resources* ay malaking halaga ang napagtanto ng mga partisipante sa kadahilanang isa ito sa may malaking ambag upang hindi na masyadong mahirapan sa paghahanap ng

tamang datos dahil maraming mga kaugnay na leteratura ang madali mo lang mahanap. Ang pagsasanay sa tamang pagsaliksik ay hindi madali sapagkat ito ay isang proseso na nangangailangan ng pag-aaral, pagsasanay, at patuloy na pagpapabuti.

Ayon pa sa sagot ni *Payaso* (palayaw), sa pamamagitan ng pag-aaral at pagsasanay bago simulan ang proseso ng pagsasalin, mas nakatutulong ito upang mapalakas ang kaalaman at kasanayan sa dalawang wika at upang makaiwas sa kahirapan at hamon sa pagsasalin ng mga akademikong teksto.

> "Maging maingat, maging responsible at alamin ang limitasyon sa paggamit ng English e-resources." (IDI-1)
>
> (Maging maingat, maging responsible at alamin ang limitasyon sa paggamit ng English e-resources.)

Dagdag pa ni *Tono* (palayaw), mas maiiwasan ang mga kahirapan at hamon sa pagsasalin ng mga akademikong teksto sa pamamagitan ng pagsasanay sa sariling pag-unawa at pagpapaunlad sa kasanayan sa wika.

> "Sunod, para sa akin maiiwasan ang mga kahirapan at hamon sa pagsasalin ng mga academikong teksto sa pamamagitan ng pagsasanay sa sariling pang-unawa at pagpapaunlad pa sa kasanayan sa wika." (FGD-01)
>
> (Para sa akin maiiwasan ang mga kahirapan at hamon sa pagsasalin ng mga academikong teksto sa pamamagitan ng pagsasanay sa sariling pang-unawa at pagpapaunlad pa sa kasanayan sa wika.)

Mahalaga raw na makarating sa CHED ang kahalagahan ng kasanayan sa pagsasalin ayon kay *Lakbay* (palayaw). Sagot pa niya, kinakailangan na may pagpapatibay sa pagsasanay sa pagsasalin na kung saan ang makikinabang ay ang mga mag-aaral ng *Major in Filipino.*

> *"*Ang ako lang maingon sa CHED or kung pwede maabot sa CHED is kanang naay pagpapatibay ng pagsasanay sa pagsaalin kung asa i-kuan jud siya sa major in Filipino nga kurso nga dapat jud naay kuan about sa pagsasalin*,".* (IDI-07)
>
> (Ang nais kong iparating sa CHED ay hangga't maaari ay magkaroon ng pagpapatibay ng kasanayan sa pagsasalin na kung saan sa Major in Filipino ay may asignatura na pagsasalin.)

Hayag pa ni *Hangin* (palayaw), napatunayan niyang mahalaga ang pagsasanay sa pagsasalin. Para sa kanya, upang maiwasan ang kahirapan at kalituhan pagdating ng araw ay kinakailangan talaga na magkaroon ng pagsasanay sa pagsasalin.

> "Proven ko na talaga na mahalaga ang pagsasanay sa pagsasalin upang maiwasan ang kahirapan sa pagsasalin at kalituhan pagdating ng araw". (FGD-07)

(Napatunayan kong mahalaga ang pagsasanay sa pagsasalin upang maiwasan ang kahirapan sa pagsasalin at kalituhan pagdating ng araw.)

Kahalagahan ng *E-resources* sa Pagbabahagi ng Kaalaman

Ang pagsasalin ay isang kritikal na kasanayan na nagtataguyod ng komunikasyon sa pagitan ng mga taong may iba't ibang wika. Ang malawak na kaalaman sa pagsasalin ay hindi lamang tungkol sa literal na paglilipat ng mga salita, kundi pati na rin sa pag-unawa sa mga kontekstong kultural at lingguwistiko na nagdaragdag ng lalim at lawak sa pananaliksik. Ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman sa pagsasalin ay mahalaga sa mga mananaliksik sapagkat sa pamamagitan nito ay nalilinang ang kanilang kakayahang mangalap, magsuri, at magbahagi ng impormasyon sa isang pandaigdigang konteksto. Kaya pinagdiinan ni *Buhawi* (palayaw) na ang pagsasalin ay hindi isang madaling bagay na nangangailangan ng malawak na kaalaman bilang isang tagapagsalin.

> "Kinakailangan na gusto mo ang pagsasalin upang magawa mo nang wasto ang pagsasalin, dahil ang pagsasalin ay hindi isang madaling bagay, kinakailangan nito ng pasensya, kinakailangan nito ng malawak na kaalaman bilang isang mag-aaral o bilang isang tao.*"*. (IDI-05)
>
> (Kinakailangan na gusto mo ang pagsasalin upang magawa mo nang wasto ang pagsasalin, dahil ang pagsasalin ay hindi isang madaling bagay, kinakailangan nito ng pasensya, kinakailangan nito ng malawak na kaalaman bilang isang mag-aaral o bilang isang tao.).

Dagdag pa ni *Hiyas* (palayaw), sa pagsasalin ng mga akademikong teksto kinakailangan na malawak ang iyong kaisipan at pag-unawa upang hindi na kailangan na bumatay pa o bumase sa literal na pagpapakahulugan ang pag-unawa sa isang teksto.

> "So, sa pagsasalin ng mga akademikong teksto, kinakailangan talaga na malawak ang iyong kaisipan at pag-unawa, so hindi mo kailangang ibatay o i-base sa literal na pagpapakahulugan ang pag-unawa sa isang teksto o akademikong teksto.*"* (FGD-03)
>
> (Sa pagsasalin ng mga akademikong teksto, kinakailangan talaga na malawak ang iyong kaisipan at pag-unawa, hindi mo kailangang ibatay o i-base sa literal na pagpapakahulugan ang pag-unawa sa isang teksto o akademikong teksto).

"Alam ko na mahirap pa rin ang pagsasalin lalo na't hindi sapat ang kaalaman mo hinggil sa tekstong isasalin'' ika nga ni *Mata* (palayaw) sa kanyang sagot. Sagot niya, maiiwasan lamang ang kahirapan sa pagsasalin kung may malawak na kaalaman ang isang nagsasalin.

> "Maiiwasan ang kahirapan sa pagsasalin kung may malawak na kaalaman ang isang nagsasalin. Ngunit, alam ko na mahirap pa rin ang pagsasalin lalo na't hindi sapat ang kaalaman mo hinggil sa tekstong isasalin.*"* (FGD-05)

(Maiiwasan ang kahirapan sa pagsasalin kung may malawak na kaalaman ang isang nagsasalin. Ngunit, alam ko na mahirap pa rin ang pagsasalin lalo na't hindi sapat ang kaalaman mo hinggil sa tekstong isasalin.)

Sa pahayag pa ni *Mayumi* (palayaw), maging gawi sana ang pagbabasa at pagpapalawak ng kaalaman sapagkat malaking tulong ito sa gawaing pang akademiko. Dagdag pa niya na ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman ang siyang magpapagaan sa mga gawaing may kinalaman sa akademiko.

> *"*Para sa mga kapwa ko mag-aaral, maging gawi niyo sana ang pagbabasa at pagpapalawak sa inyong kaalaman sapagkat malaking tulong talaga ito sa maraming gawaing pang-akademiko, hindi lang sa pananaliksik. Ang pagkakaroon kasi ng malawak na kaalaman ang siyang magpapagaan sa mga gawaing may kinalaman sa akademiko.*"* (FGD-06)
>
> (Para sa mga kapwa ko mag-aaral, maging gawi niyo sana ang pagbabasa at pagpapalawak sa inyung kaalaman sapagkat malaking tulong talaga ito sa maraming gawaing pang-akademiko, hindi lang sa pananaliksik. Ang pagkakaroon kasi ng malawak na kaalaman ang siyang magpapagaan sa mga gawaing may kinalaman sa akademiko.).

Kasanayan sa Pagpili ng Impormasyon Mula sa *English E-resources*

Ang pagbabasa ay isang pundamental na bahagi ng pagpapalalim ng kasanayan sa pagsasalin. Ito ay isang proseso ng pag-unawa at pagtanggap ng impormasyon mula sa iba't ibang uri ng teksto, na nagpapalawak ng kaalaman at kasanayan ng isang indibidwal sa pagsasalin ng mga salita at ideya mula sa isang wika patungo sa isa pa. Kaya pinagdiinan ni *Liwanag* (palayaw) na huwag huminto sa pagbabasa, sapagkat dito nagmumula ang ating kaalaman sa kung paano wastong isalin ang teksto.

> *"*So, ang ako lang jud ma-advice, don't stop reading dahil mula gyud sa pagbabasa at pag-unawa ng teksto, diyan magsisimula ang ating kaalaman kung paano wastong isalin ang mga teksto at kung paano gumamit ng mga katumbas na salita na naaangkop sa mga nais nating iparating sa aing pananaliksik at huwag tumigil sa paggawa at pagsasalin, dahil magiging kanang weapon nato ni siya puhon inig abot na jud sa field.*"*. (IDI-01)
>
> (Ang aking maipapayo ay huwag huminto sa pagbabasa sapagkat sa pamamagitan ng pagbabasa at pag-unawa ng teksto ay nagsisimula ang ating kaalaman kung paano wastong isalin ang mga teksto at kung paano gumamit ng mga katumbas na salita na naaangkop sa mga nais nating iparating sa ating pananaliksik at huwag tumigil sa paggawa at pagsasalin dahil magiging sandata natin ito sa darating na panahon.)

Dagdag pa ni *Mata* (palayaw), na ang pagbabasa ay isa sa mahalagang aspeto ng pagsasalin dahil ang pagsasalin ay nangangailangan ng intensibong pagbabasa.

> *"*Ang kahalagahan ng pagbasa. Isa ito sa mga aspeto na mahalaga sa pagsasalin dahil ito ay nangangailangan ng intensibong pagbabasa. Kakailanganin din na intindihin ang binabasa. Bukod pa rito, nalaman ko rin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng sariling pagpapakahulugan hindi yung literal kundi may nakasuportang pahayag na tutumbas sa salin mula sa Ingles patungong Filipino*."*. (FGD-05)
>
> (Ang kahalagahan ng pagbasa. Isa ito sa mga aspeto na mahalaga sa pagsasalin dahil ito ay nangangailangan ng intensibong pagbabasa. Kakailanganin din na intindihin ang binabasa. Bukod pa rito, nalaman ko rin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng sariling pagpapakahulugan hindi yung literal kundi may nakasuportang pahayag na tutumbas sa salin mula sa Ingles patungong Filipino.)

Maging gawi niyo sana ang pagbabasa ika nga ni *Mayumi* (palayaw) sa kanyang sagot. Sagot niya, maging gawi niyo sana ang pagbabasa at pagpapalawak sa inyung kaalaman sapagkat malaking tulong talaga ito sa maraming gawaing pang-akademiko, hindi lang sa pananaliksik.

> *"*Para sa mga kapwa ko mag-aaral, maging gawi niyo sana ang pagbabasa at pagpapalawak sa inyung kaalaman sapagkat malaking tulong talaga ito sa maraming gawaing pang-akademiko, hindi lang sa pananaliksik. Ang pagkakaroon kasi ng malawak na kaalaman ang siyang magpapagaan sa mga gawaing may kinalaman sa akademiko*"*. (FGD-06)
>
> (Para sa mga kapwa ko mag-aaral, maging gawi niyo sana ang pagbabasa at pagpapalawak sa inyung kaalaman sapagkat malaking tulong talaga ito sa maraming gawaing pang-akademiko, hindi lang sa pananaliksik. Ang pagkakaroon kasi ng malawak na kaalaman ang siyang magpapagaan sa mga gawaing may kinalaman sa akademiko.)

Mataas na Pang-uwa at Malalim na Pasusuri Tunggo sa Matagumpay na Pagsasalin

Malaki ang maitutulong ng pagsasalin dahil tinutulungan nito ang ating sarili na magkaroon ng panibagong kaalaman na magagamit lalo na sa paghahanap ng mga wikang panumbas sa pagsasalin ng mga akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino. Sa loob ng mga institusyon ng edukasyon at pananaliksik, ang pagsasalin ay naglalarawan ng isang daigdig na nabubukas sa mga kaalaman at pananaw mula sa iba't ibang mga wika.

Ayon pa sa pahayag ni *Salamin* (palayaw), bilang isang mag-aaral sa Medyor sa Filipino, mahalaga talaga na magkaroon ng kaalaman sa pagsasalin dahil maraming mga sanggunian at mga teksto na nakasulat sa wikang Ingles na kung saan ay isa sa mga nagiging hadlang kung bakit nahihirapan ang isang mag-aaral sa pagsasalin.

> *"*Mahalagang magkaroon tayo ng kaalaman sa pagsasalin. Bilang isang mag-aaral sa Medyor sa Filipino, mahalaga ito lalung-lalo na sa pananaliksik dahil maraming mga sanggunian at mga teksto na nakasulat

> sa wikang Ingles. Hindi maaaring translator apps ang laging gagamitin dahil hind sa lahat ng panahon ay tama ang naibibigay na salin nito.*"*. (IDI-06)
>
> (Mahalagang magkaroon tayo ng kaalaman sa pagsasalin. Bilang isang mag-aaral sa Medyor sa Filipino, mahalaga ito lalung-lalo na sa pananaliksik dahil maraming mga sanggunian at mga teksto na nakasulat sa wikang Ingles. Hindi maaaring translator apps ang laging gagamitn dahil hind isa lahat ng panahon ay tama ang naibibigay na salin nito.)

Sinuportahan naman ito ni *Payaso* (palayaw). Sabi niya, mahalaga talaga na maging maalam ang isang tao sa pagsasalin ng mga teksto mula Ingles tungo sa Filipino dahil ito ang tanging paraan upang mapalaganap ang kaalaman.

> *"*Sa aking pananaw, napakahalaga na maging maalam ang isang tao sa pagsasalin ng mga teksto mula Ingles tungo sa Filipino dahil ang pagsasalin ay isang paraan upang mapalaganap ang kaalaman at impormasyon sa mas malawak na audience, lalo na sa mga Pilipino na mas komportable sa pag-unawa ng Filipino*"*. (IDI-07)
>
> (Sa aking pananaw, napakahalaga na maging maalam ang isang tao sa pagsasalin ng mga teksto mula Ingles tungo sa Filipino dahil ang pagsasalin ay isang paraan upang mapalaganap ang kaalaman at impormasyon sa mas malawak na audience, lalo na sa mga Pilipino na mas komportable sa pag-unawa ng Filipino.)

Saad naman ni *Mayumi* (palayaw) na hindi lahat ng tao ay nakakaunawa ng maraming lenggwahe. Kaya ay nararapat lamang na may kakayahan o kaalaman ang isang tao sa gawaing pagsasalin lalo na sa gawaing pananaliksik.

> *"*Mahalaga na may kaalaman ang isang tao sa gawaing pagsasalin sapagkat hindi lahat ng tao nakakaunawa ng maraming lengguwahe. Kung kaya, nararapat na may kakayahan o kaalaman ang isang tao sa gawaing pagsasalin lalo na sa gawaing pananaliksik ng mga mag-aaral na kumukuha ng edukasyon sa medyor na Filipino*"* (FGD-06)
>
> *(*Mahalaga na may kaalaman ang isang tao sa gawaing pagsasalin sapagkat hindi lahat ng tao nakakaunawa ng maraming lengguwahe. Kung kaya, nararapat na may kakayahan o kaalaman ang isang tao sa gawaing pagsasalin lalo na sa gawaing pananaliksik ng mga mag-aaral na kumukuha ng edukasyon sa medyor na Filipino*)*

Buod ng Kabanata

Mula sa mga resulta ng pag-aaral at batay sa mga tugon ng mga kalahok sa pinalalim na panayam at pangkatang talakayan, natukoy ang mga sumusunod:

Una, ang mga resulta ay nagpapakita ng iba't ibang hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa pananaliksik at paghahanap ng tamang panumbas sa mga akademikong pananaliksik mula Ingles tungo sa Filipino. Apat na tema ang lumitaw sa pagsusuring ginawa ng mananaliksik at ang mga ito ay kakulangan sa kaalaman, limitadong bokabularyo, kahirapan sa paghahanap ng salitang panumbas sa wikang ingles tungo sa filipino, at kahirapan sa pagsalin sa mga bagong terminolohiya

Pangalawa, naglahad ng samo't saring saloobin ang mga partisipante kung paano nila nakayanan ang ganung mga hamong kanilang naranasan sa pagsasalin ng mga akademikong pananaliksik mula Ingles tungo sa Filipino. Malalimang sinuri ng mananaliksik ang kanilang mga tugon at apat na tema ang lumitaw: paggamit ng *machine translator* sa pagsasalin, pag-unawa sa pangunahing diwa bago isalin, paglaan ng oras sa pagsasalin, at paghahanap ng karagdagang impormasyon sa *internet*.

Panghuli, ang mga partisipante ay nagbigay ng mga aral na kanilang napagtanto sa lahat ng hamong kanilang naranasan sa pagsasalin ng mga akademikong pananaliksik mula Ingles tungo sa Filipino. Malalimang sinuri ng mananaliksik ang kanilang mga tugon at apat na tema ang lumitaw: kahalagahan ng pagsasanay ay bigyang halaga, kahalagahan ng malawak na kaalaman, kahalagahan ng pagbabasa sa pagpapalawak ng kaalaman, at kaalaman ng pagsasalin ay mahalaga.

Kabanata 4

DISKUSYON

Saklaw ng kabanatang ito ang pagtalakay at pagpapatibay sa mahalagang karanasang lumitaw sa mga tema na nakabatay sa mga katanungan sa pananaliksik. Ang pagtalakay sa mga tema ay nakalahad ayon sa pagkasusunod-sunod ng mga tanong.

Higit pa rito, labing-apat (14) na kalahok, pito (7) para sa pinalalim na panayam (*In-Depth Interview)* at pito (7) para sa pangkalahatang talakayan (*Focus-Group Discussion)* ang lumahok sa isang pinalalim na panayam. Ang mga mag-aaral ng BSEd Filipino na may karanasan sa pananaliksik na gumagagamit ng *english e-resources* sa akademikong pananaliksik ay hiniling na tumugon sa ilang mga tanong na nagbibigay pansin sa kanilang mga ideya at karanasan bilang mga mananaliksik. Lahat sila ay sabik na magbahagi ng kanilang mga karanasan, pabor man o negatibo, at sabik na sagutin ang anumang mga katanungan tungkol sa kanilang karanasan sa pananaliksik na gumagagamit ng *english e-resources* ng mga akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino.

Batay sa mga isyung kinakaharap ng mga mag-aaral ng BSEd Filipino na may karanasan sa pananaliksik na gumagagamit ng *english e-resources* sa akademikong pananaliksik, iba't ibang mga panukala mula sa iba't ibang mga may-akda at binigay ang mga teorista. Ang mga sumusunod ay ang mga karanasan na naranasan ng mga mag-aaral ng BSEd Filipino sa gumagagamit ng *english e-resources* sa akademikong pananaliksik sa akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino.

Sa pamamagitan ng mga ito, sinusunod ng mananaliksik ang pangunguna ni Creswell at gumagamit ng mga pamamaraan ng pagsasaliksik ng husay sa aking pagsisiyasat. Binigyang-diin ng mananaliksik na ang penomenolohikal na dulog, na naglalayong pag-aralan ang kontekstwal na kahulugan sa pamamagitan ng sitwasyonal na kaalaman sa mga karanasan ng mga mag-aaral ng BSEd Filipino sa gitna ng mga paghihirap na kanilang naranasan tungkol sa paggamit ng *english e-resources* sa akademikong pananaliksik sa akademikong pananaliksik mula Ingles tungo sa Filipino. Labing-apat (14) na kalahok ay nakibahagi sa isang pinalalim na panayam kung saan sila ay hinilingan na magbahagi ng kanilang mga opinyon sa pagharap sa kanilang mga karanasan, kung ano ang kanilang mga mekanismo sa pagharap,

magsalaysay ng kanilang mga pananaw, at pagnilayan ang mga pananaw na iyon gamit ang ibinigay na balangkas (Creswell, 2013).

Karanasan ng mga Mag-aaral na Gumagagamit ng English E-resources sa Akademikong Pananaliksik. Ang tanong na ito ng pananaliksik ay naglalayong galugarin ang mga karanasan ng mga mag-aaral ng BSEd Filipino tungkol sa paggamit *English E-resources* sa akademikong pananaliksik. Nilalayon nitong galugarin kung paano ang mga mag-aaral na ito ay nagnavigate sa mga hamon sa epektibong paggamit ng english e-resources sa akademikong pananaliksik mula Ingles tungo sa Filipino. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanilang mga karanasan, ang pananaliksik ay naglalayong pagaanin ang mga potensyal na hadlang, estratehiya, at implikasyon para sa pagbuo ng mabisang kasanayan sa pedagogical na paggamit ng *english e-resources* sa akademikong pananaliksik mula Ingles tungo sa Filipino.

Gayon paman, ang isa sa mga makabuluhang bentahe ng *online* na mapagkukunan ay ang kanilang kakayahang umangkop sa mga antas ng kasanayan at mga partikular na pangangailangan ng mga mag-aaral (Kanellopoulou & Giannakoulopoulos, 2021). Nagbibigay ang *web* ng malawak na hanay ng mga mapagkukunan para sa iba-ibang antas ng wika, na nagpapahintulot sa mga mag-aaral na umunlad sa kanilang sariling bilis. Maaaring pumili ang mga mag-aaral ng mga mapagkukunan na naaayon sa kanilang mga layunin sa pag-aaral, ito man ay pagpapabuti ng mga kasanayan sa pagsasalita, paghahanda sa pagsusulit, o pagtutok sa mga partikular na bahagi ng wika tulad ng *grammar* o bokabularyo. Nagbibigay ang mga online na mapagkukunan ng mga *personalized* na karanasan sa pag-aaral, na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na maiangkop ang kanilang pag-aaral sa kanilang mga indibidwal na pangangailangan at layunin.

Ang iba-ibang mga may-akda at teorista ay nagpakita ng mga pahayag na nag-tutugma sa mga karanasan ng mga mag-aaral ng BSEd Filipino tungkol sa kanilang mga karanasan sa paggamit ng *English e-resources* sa mga akademikong pananaliksik mula Ingles tungo sa Filipino. Ang mga sumusunod ay ang mga karanasan ng mga mag-aaral ng BSEd Filipino: isiniwalat ng unang tema na ang mga mag-aaral ay mayroong:

Ang unang tema na lumabas ay ang pagkakaroon ng **Hadlang sa Paglikom ng mga Datos Gamit ang *English E-resources*** ng mga mag-aaral ng BSEd Filipino. Hindi maiwawaglit na halos sa mga mag-aaral ngayon ay kokonti lang ang kaalamang mayroon sa wikang Filipino. Hindi masyadong nabigyan ng kahalagahan ang pagtuturo ng asignaturang Filipino kung kaya't ang naging hinaing ng mga kalahok ay ang limitadong kaalaman sa paggamit ng *english e-resources* sa akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino. Kulang sa kaalaman kaya nahihirapan sa paggamit ng *English e-resources* at walang sapat na kaalaman sa wikang isasalin ang kadalasang sagot ng mga partisipante kung bakit nagkaroon sila ng kakulangan sa kaalaman. Hamon ito para sa kanila dahil sa panahon ngyaon, labis na kinakailangan ang kaalaman sa Filipino lalo na't Medyor sa Filipino rin ang kanilang kinuha.

Sa kabiling banda, ang resulta ng pag-aaral ay kapareho sa pag-aaral ni House (2021) na nagsasabi na ang ang mga hindi wastong paggamit *e-resources* sa teknikal na larangan ay maaaring magdulot ng malubhang pagkalito at seryosong kahihinatnan. Ang kahalagahan ng tamang paggamit ng *e-resources* sa mga larangang ito ay hindi maaaring maliitin, dahil ang mga pagkakamali ay maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan, kaligtasan, at integridad ng impormasyon. Kaya sa paggamit ng *English e-resources* sa teknikal na larangan ay kailangang may mataas na antas ng kasanayan at kaalaman upang matiyak ang katumpakan at kalidad ng kanilang trabaho.

Ang ikalawang tema na lumalabas ay ang pagkakaroon ng **Limitadong Mapagkukunan ng Filipino Sources Mula sa *English* na *E-resources***. Mahalaga sa pananaliksik dahil ito ay naglalantad ng mga hamon ng mga mag-aaral ng BSEd Filipino sa pananaliksik sa mga akademikong pagganap. Hinid maiwawaglit na ito ay nagdulot ng maraming hamon sa mananaliksik. Ang patuloy na pag-aaral at pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan ay mahalaga upang malampasan ang mga hamong ito at makapagbigay ng tumpak at mataas na kalidad na pananaliksik.

Gayon pa man, ang resulta ng pag-aaral ay sang-ayon sa pag-aaral ni Bassnett (2022). Ang pagsasalin mula sa *English e-resources* ay higit pa sa simpleng paglipat ng mga salita mula sa isang wika patungo sa iba pa; ito ay isang kultural na proseso na nagdadala ng malalim na kahulugan na maaaring mawala kung hindi ito gagawin nang maingat. Ang proseso ng pagsasalin mula sa *English* na mapagkukunan ay may layuning maihatid hindi lamang ang mga salita, kalidad kundi pati na rin ang mga ideya, damdamin, at mga kultural na kaalaman na nasa orihinal na datos.

Gayon din, sang-ayon naman ito sa pag-aaral ni House (2021) ang tamang pagsasalin mula sa *English e-resources* ay mahalaga upang matiyak ang kaligtasan at kalusugan ng mga tao at ang patuloy na pag-unlad ng teknolohiya at agham. Ang maling pagsasalin sa teknikal na larangan ay nagdudulot ng pagkalito at maaaring magdulot ng seryosong mga kahihinatnan, lalo na sa medisina at agham. Ang mga tagasalin ay dapat magkaroon ng malalim na kaalaman sa kanilang espesyalisadong larangan at patuloy na mag-aral upang mapanatili ang katumpakan at kalidad ng kanilang trabaho. Ang paggamit ng teknolohiya, patuloy na edukasyon, at pagtutulungan ay ilan lamang sa mga hakbang na maaaring gawin upang maiwasan ang mga seryosong epekto ng maling pagsasalin ng mga impormasyong nakuha mula sa *English e-resources*.

Sa kabilang dako, ang **Karansan ng Mananaliksik sa Paglikom ng mga Datos Gmamit ang *English* na *E-resources*** ay isang malaking hamon sa mga mananaliksik ng BSEd Filipino. Hindi maiwawaglit na dahil sa pagkakaroon ng kalituhan sa pagkalap ng tamang datos dahil sa kakulangan ng kaalaman sa paggamit ng *English e-resources* ay may mga pagkakataon na tayo ay nangangapa sa paghahanap ng mga salitang panumbas sa wikang Ingles tungo sa Filipino na kung saan karamihan sa mga kalahok ay ito ang nakikitang kahadlangan sa kanilang ginagawang pananaliksik ng mga akademikong pananaliksik.

Nakaangkla ito sa pananaw ng isang mananaliksik na si Aguilar (2020) na kung saan ang paghahanap ng tamang salita sa pagsasalin mula sa *English e-resources* ay hindi lamang tungkol sa pagsasalin ng mga salita, kundi ang higit na mahalaga ay ang paghahanap ng tamang kahulugan at karanasan na nais iparating ng orihinal na teksto," ay nagpapakita ng kahalagahan ng malalim na pang-unawa sa proseso ng tamang pagsasalin ng mga salita mula sa *english e-resources*.

Dagdag pa niya, sa pagsasalin gamit ang *English e-resources* mula sa isang wika patungo sa isa pa, ang paghahanap ng tamang salita ay kritikal upang masiguro ang katumpakan at pagiging epektibo ng pagsasalin. Gayunpaman, ang pagsasalin ay hindi lamang tungkol sa paghahanap ng mga salita na eksaktong katumbas ng mga salita sa orihinal na teksto. Sa halip, ito ay may kinalaman sa pananaliksik ng mga kaisipan, karanasan, at emosyon na ipinapahayag ng mga naklap na datos (Aguilar, 2020).

Dagdag pa rito, marami sa mga kalahok ang na ang naging sagot sa katanungan ay ang kahirapan sa pagsalin sa mga bagong terminolohiya. Ang **Kakulangan ng Kaalaman sa Pagsasalin** ang isa sa mga dahilan kung bakit nahihirapan ang mga mag-aaral ng BSEd Filipino sa pagsasalin ng mga akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino dahil sa mga bagong terminolohiya.

Base sa pag-aaral ni Gomez (2019), tungkol sa kanyang pag-aaral sa mga stratehiya ng pagsasalin sa konteksto ng teknolohiya. Ayon sa kanyang pagsusuri, ang mga tagasalin ay nahihirapang makahanap ng mga eksaktong katumbas para sa mga bagong teknikal na terminolohiya tulad ng "*artificial intelligence*,"

"*blockchain*," at "*augmented reality*," na nagdudulot ng kakulangan sa katumpakan at kawalan ng malalim na pag-unawa sa mga teksto na may kinalaman sa mga bagong teknolohiya.

Ayon naman kay Santos (2021) tungkol sa pagsasalin ng mga terminolohiyang nauugnay sa pagbabago ng klima at pangangalaga sa kalikasan, ipinakita niya ang mga hamon na hinaharap ng mga tagasalin sa pagtukoy ng mga tamang katumbas na salita sa Filipino para sa mga bagong terminolohiya sa larangang ito. Halimbawa, ang mga konsepto tulad ng "*carbon footprint*," "*sustainable development*," at "*renewable energy*" ay may mga katumbas na salita sa Ingles ngunit hindi direktang napapalitan ng eksaktong salita sa Filipino na nagdadala ng parehong kahulugan at konteksto.

Pagtatagumpayan ng mga Mag-aaral ang mga Hamong Kinakaharap sa Paggamit ng *English* na *E-resources* mula Ingles Tungo sa Filipino.

